
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



**MODYUL 3**

# SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 3

## SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA

Ang modyul na ito ay tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Asya. Makatutulong ito upang lumawak ang ating kaalaman ukol ebolusyong bayolohikal ng sinaunang tao, ang kanyang kabuhayan, mga kagamitan, at pamumuhay sa loob ng mahabang panahon. Matutunan din natin ang mga katangian ng kabihasnang Sumer, Indus, at Tsina at ang mga implikasyon nito sa pagkakaroon ng mga imperyo sa Asya. Kasama din sa ating pag-aaralan ang mga kaisipang pinagbatayan sa pagtatag ng sinaunang kabihasnan sa Asya.

Sana matutunan mo ang lahat ng mga araling inihanda para sa iyo.

May limang araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ebolusyong Bayolohikal ng mga Sinaunang Tao sa Asya
- Aralin 2: Panahon ng Paleolitiko, Neolitiko, at Metal
- Aralin 3: Mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya
  (Sumer, Indus, Tsina)
- Aralin 4: Pag-unlad ng Kabihasnan at Pagtatag ng mga Imperyo sa Asya
- Aralin 5: Kaisipang Pinagbatayan sa Sinaunang Kabihasnan

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang mga proseso at yugto ng ebolusyong bayolohikal ng mga sinaunang tao sa Asya (primates, Ramapithecus, Australopithecus, Homo Erectus, Homo Habilis, Homo Sapiens);
2. Masusuri ang kabuhayan, teknolohiya, at pamumuhay ng mga sinaunang tao sa Asya sa panahon ng paleolitiko, neolitiko, at metal;

3. Mapaghahambing ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya (Sumer, Indus, Tsina);
4. Mabubuo ang implikasyon ng pag-unlad ng kabihasnan at pagtatag ng mga imperyo sa Asya; at
5. Mapahahalagahan ang mga bagay at kaisipang pinagbatayan (Sinocentrism, Divine Origin, Theravada Buddhism) sa pagkilala sa sinaunang kabihasnan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang katumbas na tamang titik.

1. Ayon sa Teorya ng Ebolusyon, alin sa mga sumusunod na pangkat ng pinagmulan ng tao ang nasa tamang pagkakasunod-sunod?
   A. Home Erectus, Homo Sapiens, Homo Habilis
   B. Homo Habilis, Homo Erectus, Homo Sapiens
   C. Homo Habilis, Homo Sapiens, Homo Erectus
   D. Homo Sapiens, Homo Habilis, Homo Erectus

2. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI tumutukoy sa katangian ng makabagong tao?
   A. Pagbabago sa anyo at gamit ng ngipin
   B. Paglaki ng utak kumpara sa isang “primate”
   C. Paglalakad sa pamamagitan ng dalawang paa at sa tuwid na tindig
   D. Pagputi ng tao mula sa maitim na balat dulot ng mainit na kapaligiran

3. Alin sa mga sumnusunod ang HINDI tumutukoy sa katangian ng mga taong namuhay sa Panahon ng Lumang Bato o “Paleolithic Age”?
   A. Gumamit ng magagaspang na bato
   B. Kauna-unahang nakatuklas sa paggamit ng apoy
   C. Nanatili sa permanenteng lugar o tirahan
   D. Nangalap ng pagkain sa kapaligiran

4. Ang Ziggurat ay sentro ng pamumuhay sa bawat pamayanan sa Kabihasnanag Sumer. Kapag sinabing Ziggurat ito ay tumutukoy sa isang likhang arkitektura noon bilang:
   A. Dakilang pader laban sa mga barbarong mananalakay
   B. Kanal para sa irigasyon ng matabang lupain
   C. Malaking piramide sa disyerto
   D. Templo na maraming palapag

5. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI tumutukoy sa katangian ng Harappa bilang punong-lungsod sa Kabihasnang Indus?
    A. May maayos na arkitektura ng mga bahay na yari sa bato
    B. May mga kalyeng mayroong paagusan ng tubig
    C. May sariling kusina at karaniwang binubuo ng tatlong palapag
    D. May sistema ng pagsulat na cunieform na nababasa sa mga pampublikong lugar

6. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI kabilang sa mga nagawa ni Shih-Huang-Ti?
    A. Nagtatag ng sentralisadong pamahalaan at nagpasimula ng pagtatayo ng Dakilang Pader ng Tsina
    B. Ninais niyang magsimula sa kanyang panunungkulan ang kasaysayan ng Tsina
    C. Sa panahon niya nagwakas ang lipunang alipin sa Tsina dahil hindi na buhay na alipin ang kasama sa libingan kungdi mga rebulto na lamang
    D. Tumanggap sa pangkat na Marco Polo bilang mangangalakal mula sa Europa.

7. Ang mga sumusunod na katangian ay tumutukoy kay Darius I bilang pinuno MALIBAN sa:
    A. Hinati niya ang Imperyong Persia sa mga lalawigan na tinawag na Satraphy
    B. Isa sa mga pinunong humalili kay Cyrus the Great
    C. Kinilalang pinakadakilang emperador ng Imperyong Persia
    D. Lumusob sa Gresya at lumaban kay Alexander the Great

8. Sino sa mga sumusunod ang kilala sa tawag na “The Enlightened One”?
    A. Izanagi at Izanami
    B. Kung-Fu-Tzu
    C. Muhammad
    D. Siddharta Gautama

9. Alin sa mga sumusunod na relihiyon ang naniniwala na ang lahi nila ay nagmula sa mga diyos at sila ay patuloy na ginagabayan nito?

   A. Buddhismo
   B. Confucianismo
   C. Shintoismo
   D. Zoroastrianis

10. Ang Dakilang Pader ng Tsina (Great Wall of China) ay naitayo sa layunin na:

   A. Maging pook dalanginan sa pananampalatayang Tsino
   B. Magkaroon ng maunlad at sentrong kalakalan sa lumalaking populasyon ng Tsina
   C. Maharang o mahadlangan ang pananalakay ng mga Han mula sa Hilagang Asya
   D. Makapagbigay karangalan at paggalang sa namatay na Emperador ng Tsina bilang libingan

II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat ang titik:

A. Kung ang parehong pangungusap ay TAMA;
B. Kung ang parehong pangungusap ay MALI;
C. Kung ang unang pangungusap ay TAMA at ang ikalawang pangungusap ay MALI; at
D. Kung ang unang pangungusap ay MALI at ang ikalawang pangungusap ay TAMA.

___________ 11. Ang Teorya ng Paglalang ay tumutukoy sa mahabang proseso ng pananaliksik at pag-iimbestiga sa mga nakuhang relikya at natipong mga ebidensiya kaugnay ng simula ng tao.

Ang Teorya ng Ebolusyon ay nakabatay sa pananampalataya na nag tao ay nilalang bilang kawangis ng Diyos.

___________ 12. Ramapithecus ang tawag sa specie ng pinakamaliit sa tao na may taas na 1.1 metro, maiksing mukha, malaking panga, ngiping hawig sa kasalukuyang tao, may butas sa gitnang bahagi ng noo at maaaring tumindig nang tuwid.

Australopithecus naman ang tawag sa taong nag-iisip, nakagamit ng apoy, nanirahan sa mga kweba, gumamit ng makapal na kasuotang galing sa balat ng hayop, nag-imbak ng pagkain, nagtanim at nakalikha ng sistema ng pakikipag-usap.

__________ 13. Inilathala ni Charles Darwin noong 1859 ang aklat na "Origin of the Species".

Ang aklat na ito ay tumutukoy sa partikular na porma ng iba't ibang lahi na nilalang ng Diyos ayon sa sinasaad ng Bibliya.

__________ 14. Ang ginto at pilak ang naging malawakang gamit ng mga Hittites sa Asya Minor bilang sandata sa mga digmaan laban sa ibang pangkat.

Ang Panahon ng Metal ay nahati sa iba't ibang yugto, batay sa uri ng metal na malawakang ginamit ng mga tao bilang kagamitan, sandata at palamuti.

__________ 15. Ang mga species ng Homo Erectus o taong nakatayo ng tuwid ay sinasabing nakita sa bahagi ng Aprika, Tsina (Peking na ngayon ay Beijing) at Indonesia (Java).

Ang Homo Erectus ay may mga kagamitan tulad ng sibat at batong magaspang. Gumamit ng apoy para sa pagluto, panakot sa mabangis na hayop at pangpainit sa taglamig at tumira sa permanenteng lugar tulad ng mga kweba.

__________ 16. Ang kabihasnang Sumer ay tinatayang sumibol sa Timog-kanlurang Asya noong Panahon ng Tanso. Sinasabing ito ang pinakaunang kabihasnan.

Naging suliranin ng Mesopotamia ang pana-panahong pagbaha sanhi ng pag-apaw ng ilog Indus at Huang-Ho.

___________ 17. Ang mga Hebreo ang unang mga taong natutong gumamit ng gulong para sa pangangailangang-militar at naimbento nila ang pandigmaang Chariot. Natutuhan din nila ang paghalo ng tanso at lata sa paggawa ng mga sandata.

Ang Sumerian ay nakalikha ng kanilang sistema ng pagsulat na tinatawag na cuneiform, gamit ang matulis na metal o stylus ang kanilang gamit sa pagsusulat sa lapidang luwad na binilad sa araw.

___________ 18. Ang relihiyon ng mga taga-Persia ay tinatawag na Zoroastrianismo.

Sa pagsalakay ng mga Persiano sa mga Romano ay natalo sila at naging mga Kristiyano at naging hudyat ng kanilang pagkatalo at pagbagsak.

___________ 19. Isa sa pinakatanyag na Europeong mangangalakal ay si Marco Polo na nagsulat tungkol sa kanyang paglalakbay sa Tsina at naging dahilan sa pagdating ng iba pang nagnanais sa mga Tsinong kalakal tulad ng telang sutla at porselana.

Ang Peking at Shanghai ang dalawang itinakdang daungan para sa mga dayuhang mangangalakal nang matalo ng Dinastiyang Ming ang Yuan noong 1368.

___________ 20. Si Kublai Khan ay isang Mongol na sumakop sa Tsina at nagtatag ng Dinastiyang Yuan noong 1260.


Sa panahon din niya nagsimulang dumating ang mga Europeong mangangalakal sa paghahangad ng mga produktong Tsino.

**ARALIN 1**

**EBOLUSYONG BAYOLOHIKAL NG MGA SINAUNANG TAO SA ASYA**



Ang araling ito ay tungkol sa mga teorya ng pinagmulan ng tao sa mundo at ang katangian ng bawat isa ayon sa mga katangiang pisikal at pamumuhay ng bawat isa. Kasama din ang pagsusuri sa katangian ng iba't ibang lahi sa mundo batay sa kulay ng balat ng tao tulad ng kayumanggi, itim, dilaw, pula at puti.




Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang kahulugan ng mga teorya ukol sa pinagmulan ng tao tulad ng Teorya ng Paglalang at Teorya ng Ebolusyon sa pamamagitan ng sariling pangungusap;
2. Maisasalarawan ang katangian ng bawat pangkat ng mga tao na nabuhay noong sinaunang panahon; at
3. Masusuri ang mga katangian ng iba't ibang lahi sa mundo ayon sa kinabibilangan nilang pangkat batay sa kulay ng balat.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Isulat sa bawat bilog ang mga salita na may kinalaman sa Teorya ng Paglalang at Teorya ng Ebolusyon. Mula sa mga salita na naisulat mo sa mga bilog ay gumawa ng angkop na kahulugan para sa bawat teorya.




**Ang Teorya ng Paglalang**

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**Ang Teorya ng Ebolusyon**

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**Ebolusyong Bayolohikal**

Ang tao ay nilalang ng Diyos ayon sa kanyang kawangis, ito ang sinasabi sa Teorya ng Paglalang. Pananampalataya ang batayan (Theory of Creation) kung ang pinagbatayan naman ay isang napakahabang proseso ng pananaliksik, pag-iimbestiga ng mga nahukay na relikya, natipong mga ebidensiya kaugnay ng simula ng tao.

Tinatawag ito na Teorya ng Ebolusyon. Maraming siyentipiko ang nagpapaliwanag ng teoryang ito at nangunguna dito si Charles Darwin (Theory of Evolution).

Inilathala ni Charles Darwin noong 1859 ang aklat na "Origin of the Species" . Ang tinutukoy dito ay ang partikular na porma ng buhay sa mundo. Sa aklat na ito, isinulat niya na hindi sila ginawa ng isa o hiwa-hiwalay sa halip ay dugtong-dugtong at may pagkakasunod-sunod (stages of development). Sa pag-aaral, ang radiation ay maaaring magdulot ng mutation o biglang pagbabago sa katangian ng isang species.

May nakita na marahil kayong species na depormado o kakaiba. Ang halimbawa ay ang kalabaw na karaniwang itim. Nakakita ka ng puting-puti ang buhok. Nagtaka ka. Dulot ito ng mutation na maaaring mapasalin sa kanyang magiging anak. Sa pangyayaring ito, magiging permanente na ang nabanggit na katangian ng species na yaon. Tinawag itong proseso ng "natural selection". Ang mga pagbabago ay mapapansin lamang pagkatapos ng libu-libong taon. Sa mga salik na nakaapekto sa ebolusyon sa pagbabago ng "gene plasm", mahalaga din ang papel ng klima.

## Ebolusyon ng Tao

Ang simula ng paghihiwalay sa pangkat ng mga unggoy, chimpanzee at gorilya na kabilang sa pamilya ng hayop na tinatawag sa pamilya ng hayop na tinatawag na Pongid.

Sinasabi ng mga mananalaysay na sa Aprika natagpuan ang mga labi ng mga Gorilya at chimpanzee at ang kumpletong fossil ng mga unang hayop na kasama sa pamilyang Pongid. Batay naman sa bagong pananaw, sa Asya maaring nagmula ang pamilyang ito ng Pongid. Walang bakas na ang mga uri ng nilalang na ito ay gumagamit ng kasangkapan.

### *Ramapithecus*

Ramapithecus ang tawag sa species na pinakamaliit sa tao. Nabuhay sila mga sampu hanggang 15 milyong taon na ang nakalipas. Nahukay sila sa Siwalik Hills, India

(Pakistan na ngayon) ang mga unang labi. May natagpuan rin sa Fort Ternan, Kenya, Yunnan at Tsina.

Ang Ramapithecus ay may sumusunod na mga katangiang pisikal tulad ng taas na 1.1 metro, may maiksing mukha, may malaking panga, mga ngiping hawig sa kasalukuyang tao, may butas sa gitnang bahagi ng noo at maaaring tumindig nang tuwid.

Nabuhay ang mga Ramapithecus sa isang kapaligirang tropikal, malawak na mga damuhang may ilang puno.

### *Australopithecus*

Mahabang proseso ng ebolusyon ang naganap buhat sa Ramapithecus hanggang sa mga mala-taong nilalang. Malapit dito ang tinatawag na Australopithecus. Nabuhay ito mga limang milyong taon na ang nakalipas. Hindi sila gaanong nakaalis sa Aprika dahil sa kawalan ng makapal na damit. Hindi kaya ng mga Australophiticus ang malamig na klima sa Artiko. Hindi sila makatawid sa Bering Strait na noon ay sinasabing tulay na yelo sa pagitan ng Asya at Hilagang Amerika, natuto silang mamili ng kakainin at lumawak ang mga pook na ginagalawan dahil sa paghahanap ng pagkain. Naapektuhan ng hugis ng kanyang panga at mga ngipin dahil sa kanyang kinakain. Natutuhan ang mga kumplikadong kumbinasyon ng tunog na siyang simula ng pagsasalita.

### *Homo Habilis*

Naghiwalay ang specie na tinawag na hominid at species ng pongid sa pagitan ng 3 - 4.5 milyong taon bago ngayon. Isang bagong specie ang nagresulta at tinawag itong Homo Habilis. Kabilang na ang Homo Habilis sa mga mala-tao (hominid). Hindi na sila kapamilya ng mga gorilya at lumalakad sa dalawang paa subalit ang lakad nila ay payuko pa.  Kurbado sa paggamit  ng mga paa at unti-unti nilang natutuhang gamitin ang kamay sa ibang bagay na tutugon sa kanilang ikabubuhay.

Ang paggawa ng mga kasangkapan ang tanging ikinaiba nila sa hayop. Ito rin ang nagsisilbing daan sa proseso ng kanyang pagiging tao. Patunay ito na ginagamit na niya ang kanyang utak o talino. Itinatago na rin niya ang kanyang mga gamit para muling magamit.

***Homo Erectus***

Tinawag na Homo Erectus o taong nakatayo ng tuwid ang sumunod na species ng tao. Sa Aprika, Tsina (Peking na ngayon ay Beijing) at Indonesia (Java) natagpuan ang mga labi nito. Itinaboy marahil sila roon ng pagsunod sa mga huhulihing hayop na tropikal tulad ng elepante, rhinoceros, baboy damo, usa at iba pa. Matibay ang ebidensiya na may mga kagamitan na sila tulad ng sibat at batong magaspang. Matibay na rin ang patunay na sa kanilang panahon, natuklasan na ang apoy at ang mahalagang gamit nito tulad ng panluto, panakot sa mabangis na hayop at pandulot ng init (kung malamig). Nagbunsod ang tuklas na ito upang manatili sa isang lugar ang mga tao sa kweba.

***Homo Sapiens***


Ang Homo Sapiens o ang taong nag-iisip ay iniakma ang sarili sa klima. Nagamit ang apoy bilang panlaban sa lamig. Nanatili sa mga kweba at natuklasang maaaring silang magtalik at manganak. Napagbuti ang makapal na kasuotang galing sa mga balat ng napatay nilang hayop. Nag-imbak na sila ng pagkain, napaamo na nila ang mga piling hayop at unt-unti, natutuhan nilang magtanim ng mga halamang maaaring kainin. Matalas na ang kanilang isip at mabisa na rin ang sistema ng pakikipag-usap. Napatunayan sa mga nahukay na “artifacts” na maraming kaalaman ang mga homo-sapiens. Sa ebolusyon ay may mga naipong tala kaugnay ng paglaki ng utak ng tao.

**Mga Lahi**

Sa daigdig ngayon, iba't iba ang lahi o kulay ng balat ng mga tao. May puti, dilaw, itim, kayumanggi at pula. Apektado ang lahing nabuo ng kinaroroonan nila sa globo, kundisyon ng klima, uri ng kinakain at "genes" ng mga ninuno nila.

**Mga Katangian ng Makabagong Tao**

1. *Paglalakad sa pamamagitan ng dalawang paa at sa tuwid na tindig* - isang pangunahing katangian ng modernong tao ang paglalakad sa lupa sa isang tuwid na anyo. Ang ibang mga "primate" ay apat ang paa na karamihan ay naninirahan sa mga puno.
2. *Paglaki ng utak* - ang pagkakaroon ng malaking utak ang ikinaiba ng tao sa lahat ng "primate".
3. *Anyo at gamit ng ngipin* - ang mga pagbabago rito ay maaaring sanhi ng pagbabago ng mga gawi sa pagkain ng tao.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Punan ang talahanayan ayon sa mga uri ng mga sinaunang tao sa Asya at ang mga katangiang may kaugnayan sa bawat isa.

| PINAGMULAN NG TAO | LUGAR/BANSA | KATANGIAN |
|---|---|---|
| Pamilyang Hayop na Pongid | | • |
| Ramapitheus | | • |
| Australopithecus | | • |

| | | |
|---|---|---|
| Homo Habilis | | • |
| Homo Erectus | | • |
| Homo Sapiens | | • |



**Tandaan Mo!**

- May dalawang teorya ukol sa pinagmulan ng tao sa daigdig, ang Teorya ng Paglalang na ang tao ay nilalang ng Diyos ayon sa kanyang kawangis at ang Teorya ng Ebolusyon na ang batayan ay ang mahabang proseso ng pagbabago sa katangian ng isang species.
- Si Charles Darwin ang kilalang siyentipiko na nagpapaliwanag ng teoryang ito (Theory of Evolution) sa pamamagitan ng aklat na "Origin of the Species.
- Ang pinaniniwalaang pinagmulan ng tao ay ang pamilyang ng Pongid, Ramapithecus, Australopithecus, Homo Habilis, Homo Erectus at ang Homo Sapiens.
- Ang mga katangian ng makabagong tao ay ang paglalakad sa pamamagitan ng dalawang paa at sa tuwid na tindig, paglaki ng utak at ang pagbabago sa anyo at gamit ng ngipin ng tao.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Punan ang talahanayan ayon sa uri ng iba't ibang lahi na kinabibilangan ng tao sa daigdig at ang katangiang pisikal ng bawat pangkat.

**MGA LAHI NG TAO SA DAIGDIG**

| MGA LAHI | MGA LAHING KABILANG (e.g. Pilipino) | KATANGIANG PISIKAL (e.g. kulot na buhok singkit na mata matangos na ilong) |
|---|---|---|
| Kayumanggi | | |
| Itim | | |
| Dilaw | | |
| Pula | | |
| Puti | | |


Sikaping talakayin kasama ang iyong guro o kamag-aral ang iyong nabuong talahanayan.

**ARALIN 2**

**PANAHON NG PALEOLITIKO, NEOLITIKO AT METAL**



Ang araling ito ay tungkol sa kahalagahan ng apoy sa sinaunangpamumuhay ng tao hanggang sa kasalukuyan. Malalaman din natin ang katangian ng sinaunang panahon ayon sa mga uri ng kagamitan, sistema ng pamumuhay at ang pag-unlad nito sa iba't ibang yugto ng sinaunang panahon mula Lumang Bato, Bagong Bato at Panahon ng Metal.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang kahalagahan ng apoy at ang pag-unlad ng mga gamit na nagbibigay ng apoy sa pang araw-araw na gawain;
2. Masusuri ang mga katangian ng sinaunang panahon ayon sa uri ng mga kagamitan at sistema ng pamumuhay ng tao; at
3. Maisasalarawan ang pag-unlad ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang panahon mula Panahon ng Lumang Bato, Bagong Bato at Metal.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan ukol sa pagkakaroon ng apoy.

**Bato** **Posporo** **Lighter**

1. Alin sa mga sumusunod na gamit ang pinakalumang paraan sa paglikha ng apoy? ________________________________
2. Alin sa tatlo ang may makinis at maliit na hawakang kahoy? __________________
3. Alin sa tatlo ang may bakal o metal at kailangang lagyan ng "liquid fuel" sa loob? ________________________________

4. Sa kasalukuyan, alin sa tatlo ang karaniwang gamit ng mga tao sa pang araw-araw na pangangailangan ng apoy? ______________________________________________

5. Batay sa iyong karanasan, alin sa tatlo ang nagdudulot ng pinakamadali at mas tumatagal na nakasinding apoy at pangatwiranan ang iyong sagot. ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Ebolusyon ng Tao**

Nahati sa ibat ibang panahon ang kasaysayan ng mga naunang tao batay sa pag-unlad sa pamumuhay at sa kanilang mga kagamitan. Ang una rito ay ang panahon ng Lumang Bato o Paleotiko na tumagal mula 500,000 hanggang 8000 B.K. Panahon ng bagong bato o Neolitiko ang humalili rito. Tumagal mula 8000 hanggang 4000 B.K. Matapos ito, dumating naman ang panahon ng Metal na nagsimula ng 4000 B.K.

**Panahon ng Lumang Bato (*Paleolithic*)**

Ang Panahon ng Lumang Bato o “Paleolithic Age” ay nakilala dahil sa mga kagamitan ng mga tao noon na magagaspang na bato. Sinasabing maaaring natuklasan nila ang paggamit ng bato nang ipukol nila ito sa ilang hayop at nakita nila ang epekto nito.

Ang mga tao noon ay nahahanap at nangangalap lamang ng pagkain na karaniwan ay mga ligaw na halaman. Bukod dito, sila ay nangangaso ng mailap na mga hayop na ito ay kanilang ginagawang damit na nagsisilbing sanggalang sa labis na lamig. Yungib ang karaniwan nilang tinitirahan na naging pananggalang nila laban sa mababangis na hayop. Sa may bandang huling bahagi ng panahong ito, natuklasan ang pag-gamit ng apoy, nang minsang tamaan ng kidlat ang isang puno. Natuklasan nila ang init na galing sa nagbabagang sanga ay magaling na proteksyon sa lamig. Natuklasan din nila na higit na masarap ang mga pagkaing luto sa apoy.

Noong 1891, si Dr. Eugene Dubois, isang Olandes, ay nakahukay ng bungo at mga ngipin sa may Java, Indonesia. Ayon sa pagsusuri, ito ay nagmula sa isang tao na nabuhay noong lumang bato. Pinangalanan itong Taong Java, subalit ang siyentipikong ngalan nito ay Pithecanthropus Erectus. Ang taong Java ay may taas na 1.7 metro at mayroong napakaliit na utak. Nakayuko ito kung maglakad, parang bakulaw.

Sa isang yungib naman sa Peking (Beijing ngayon) Tsina ay natuklasan ng siyentipikong Tsino na si W.C Fei ang labi ng mga kagamitang gawa sa magagaspang na bato. Tinawag niya ang nahukay na labi na taong Peking o Sinanthropus Peking. Ang taong Peking ay higit na tuwid ang paglalakad at mas malaking utak kaysa sa Taong Java. Sa yungib ng kanilang tinitirahan ay natuklasan ang kanyang kaalaman sa paggamit ng apoy.

**Panahon ng Bagong Bato (*Neolithic*)**

Sa pagdaan ng panahon, natuklasan ng tao ang higit na mahusay na paggawa ng mga kagamitang yari sa bato. Ang pinakamahalagang pagbabago sa pamumuhay sa panahong ito ay ang pagkatuklas ng pag-sasaka. Sa pagkakatuklas ng pagsasaka, naiba ang pamumuhay ng mga tao. Naging magsasaka at hindi lamang mangangalap ng pagkain ang mga tao. Kasabay sa pagtuklas ng pagsasaka ay ang paggawa ng palayok buhat sa luwad. Maliban sa mga nabanggit, isa pang pagbabagong naganap sa panahong ito ay ang pag-aalaga ng hayop. Naging palagiang pinagkukunan nila ito ng karne at gatas.

Ang mga pagbabagong ito ang naging dahilan upang manatili sila sa isang lugar at masubaybayan ang paglaki ng kanilang tanim. Nangamba silang ang kanilang tanim ay kakainin ng mga hayop kaya dapat nila itong bantayan. Sa kanilang pananatili sa isang lugar nagsimula ang pagtatag ng pamayanan.


**Panahon ng Metal (*Age of Metal*)**

Ang panahon ng Metal ay nahahati sa tatlong yugto batay sa uri ng metal na malawakang ginamit ng mga tao.

Noong 4000 B.K. ang tanso ang malawakang metal na ginamit. Karamihan sa mga kagamitan at palamuti noong panahong iyon ay yari sa tanso. Sa pagkakatuklas na ito, ang mga kagamitang yari sa bato ay unti-unting napalitan ng mga kagamitang tanso. Subalit dahil sa malambot na metal ang tanso, hindi nagtatagal ay bumabaluktot at pumurol ang kagamitan. Sinasabing noong 2000 B.K ang tanso ay unti-unting napalitan ng bronse bilang malawakang metal na ginagamit.

Magmula noon, bronse na ang ginagamit nila sa paggawa ng kagamitan at palamuti. Subalit sa katagalan, pumurol din ang mga kagamitan na yari sa bronse. Bukod dito, ang bronse ay mahirap makuha kaya sadyang kaunti lamang ang kagamitang nagawa buhat dito.

Noong 1000 B.K ay bakal ay sinisimulang gamitin. Bagaman mas marami ang bakal kaysa bronse, naunang natuklasan ang huli dahil sa higit na masalimuot ang pagtunaw sa bakal. Gayunpaman, sa pagkakatuklas ng bakal, ang kagamitang yari sa bronse ay napalitan ng kagamitang yari sa bakal. Gayunpaman, sa pagkakatuklas ng bakal ang mga kagamitang yari sa bronse ay napalitan ng gamit na yari sa bakal. Ang malawakang paggamit ng bakal ay sinimulan ng mga Hittites, isang paladigmang grupo buhat sa Asya Minor. Bakal ang kanilang ginamit sa paggawa ng iba't ibang kagamitang sandata.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Piliin sa kahon ang mga katangian ng sinaunang panahon ayon sa uri ng mga kagamitan at sistema ng pamumuhay ng tao. Isulat ang bawat isa sa angkop na hanay kung ito ay sa Panahon ng Lumang Bato, Bagong Bato o Metal.

- Gamit ang magagaspang na bato
- Gamit ang tanso para sa karaniwang kagamitan at mga palamuti
- May gamit na bakal para sa iba't ibang kagamitang sandata
- May gamit na makikinis at masining na bato
- Nangangalap ng pagkain at nangangaso
- Natuklasan ang paggamit ng apoy
- Pag-aalaga ng hayop
- Pagkakatuklas ng pagsasaka o pagtatanim
- Palipat lipat ng tirahan tulad ng sa yungib o kweba
- Pananatili sa isang lugar upang masubaybayan ang kanilang mga tanim

| Panahon ng Lumang Bato (Paleolithic) | Panahon ng Bagong Bato (Neolithic) | Panahon ng Metal (Age of Metal) |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



**Tandaan Mo!**

- Nahati sa iba't ibang panahon ang kasaysayan ng mga naunang tao batay sa pag-unlad sa pamumuhay at sa kanilang mga kagamitan - Lumang Bato o Paleotiko, Panahon ng bagong bato o Neolitiko at ang Panahon ng Metal.
- Ang Panahon ng Lumang Bato o "Paleolithic Age" ay nakilala dahil sa mga kagamitan ng mga tao noon na magagaspang na bato at natuklasan nila na higit na masarap ang mga pagkaing luto sa apoy.
- Sa Panahon ng Bagong Bato (Neolithic) ay natuklasan ng tao ang higit na mahusay na paggawa ng mga kagamitang yari sa bato. Ang pinakamahalagang pagbabago sa pamumuhay sa panahong ito ay ang pagkatuklas ng pag-sasaka.
- Ang panahon ng Metal ay nahahati sa tatlong yugto batay sa uri ng metal na malawakang ginamit ng mga tao tulad ng tanso, bronse at bakal.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Sagutin ang mga katanungan at punan ang bawat patlang na maglalarawan sa pamumuhay ng mga tao noong sinaunang panahon

Paano nakatulong ang Panahon ng Metal sa pag-unlad ng agrikultura sa kasalukuyang panahon?__________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Magbigay ng mga halimbawa __________________________________________

______________________________________________________________


______________________________________________________________

**ARALIN 3**

**MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA (SUMER, INDUS, TSINA)**



Ang araling ito ay tungkol sa mga Sinaunang Kabihasnan na umusbong sa Asya lalo na sa "Fertile Crescent". Kasama din sa araling ito ang katangian ng mga pinuno, mga pangkat at kanilang iniwang kontribusyon sa kasaysayan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga lugar at mga umusbong naimperyo noong sinaunang kabihasnan sa Fertile Crescent;
2. Maiisa-isa ang mga nagwang kontribusyon ng iba't ibang pangkat nong sinaunang kabihasnan sa ating kasaysayan; at
3. Maipapaliwanag ang mga katanian ng mga pook at pinuno sa bawat kabihasnan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Tukuyin ang mga sumusunod. Isulat ang mga kasagutan sa loob ng kahon.

1. Isa sa mga sinaunang kabihasnan na nasa “Fertile Cresecent”
2. Tatlong malalaking ilog na dumadaloy sa “Fertile Cresecent”
3. Ilog sa India na pinagmulan ng sinaunang sibilisasyon
4. Punong-lungsod sa India na nahukay at kilala sa katangi-tanging arkitektura ng mga bahay na karaniwang yari sa bato at may mga palapag

5. Ilog na naging sentro ng matandang Kabihasnan sa Tsina

6. Itinuturing na una sa mga dinastiyang sumibol sa Tsina

**Mga Unang Kabihasnan sa Asya**

Ang mga labing nahukay ay nagpapatunay rin na ilan sa mga unang kabihasnan rin ay sumibol sa Asya. Ito ay ang kabihasnang sa may lambak ng Ilog Tigris at Euphrates sa Mesopotamia (Iraq ngayon); Kabihasnang Indus (bahagi ng Pakistan ngayon) at Kabihasnang Tsino sa may lambak ng Ilog Huang Ho.

Mapapansin na ang nabanggit na mga kabihasnan ay sumibol sa mga lambak ng ilog. Ito ay dahil sa nabatid ng mga unang tao ang kahalagahan ng tubig sa pang-araw-araw na gamit.

**Mga Sinaunang Kabihasnan sa Mesopotamia**

Isa sa mga sentro ng sinaunang kabihasnan ang rehiyong Fertile Cresent. Kabilang sa rehiyong ito ang Phoenicia, Syria, Palestine at Mesopotamia. Tatlong malalaking ilog ang dumadaloy sa Fertile Cresent: Tigris, Euphrates at Jordan. Tatlong imperyong Sumerian, Akkadian at Babylonian. Naging suliranin ng Mesopotamia ang pana-panahong pagbaha sanhi ng pag-apaw ng Tigris at Euphrates.

**Ang Mga Sumerian**

Ang mga Sumerian ay nagtatatag ng kabihasnan sa Timog-kanlurang Asya noong Panahon ng Tanso. Itinuturing ito na pinakaunang kabihasnan.

Ang kabihasnang Sumer ay isang kabihasnang lungsod. Bawat lungsod ay binubuo ng ilang templong pamayanan. Ang sentro ng pamumuhay sa bawat pamayanan ay ang Ziggurat, isang templo na maraming palapag.

Ang lambak ng ilog Tigris at Euphrates ay matabang lupa kaya mainam sa pagsasaka. Subalit may panahon na ang ilog ay umaapaw. Upang mabigyan ng lunas ang suliraning ito ay nagpagawa ng dike at kanal sa paligid at ginamit ang kalendaryo upang mabatid kung kailan aapaw ang ilog.

Marami rin ang nangangalakal at manggagawang may karanasan o "craftsmen" ang nagkaroon ng mga negosyo sa paligid ng Ziggurat kaya nangailangan silang magtatag ng mga bangko. Ang mga produktong telang lana ay kadalasang ipinagpalit nila sa mga kahoy at mahahalagang metal.

Malawak ang kalakaran at negosyo, sa ganitong sitwasyon nabuo ang kanilang sistema ng pagsulat na tinatawag na cuneiform. Matulis na metal o stylus ang kanilang gamit sa pagsusulat sa lapidang luwad na binilad sa araw.

Ipinalalagay na dumating sa Mesopotamia ang mga Sumerian bago 500 BC mula sa mga talampas ng Iran. Sila ay magsasaka at ang kanilang sandata ay yari sa tanso. Upang maiwasan ang pinsalang dulot ng pag-apaw ng ilog Tigris at Euphrates, nagtulungan ang mga tao at naghukay ng mga kanal ng irigasyon. Umunlad ang mga pamayanan at naging lungsod-estado na malaya at nagsasarili. Hindi nagtagal ang mga lungsod-estado sapagkat nag-away-away sila.

**Ang mga Akkadian**

Habang abala sa labanan ang mga Sumerian, sumalakay ang mga Akkadian sa pangunguna ni Haring Sargon. Sinakop niya ang buong Fertile Cresent kaya itinuturing na siya ang lumikha ng kauna-unahang imperyo sa daigdig. Sinakop ni Sargon ang buong kaharian ng Sumer at pinag-isa sa kaharian ng Akkad.

Lumawak ang kaharian ni Sargon at umabot na sa Anatolia (Turkey). Walang kakayahang mamuno ang mga sumunod na hari kaya bumagsak ang imperyo sa kamay ng mga Guntian, isang tribong bundok mula sa hilagang- silangan. Pagkaraan ng isang siglong paghahari ng mga Guntian, sumikat muli ang Sumerian.

## Ang Muling Pagsikat ng mga Sumerian

Sa pagbagsak ng imperyo ng mga Akkadian lumabas ang lungsod-estado ng Ur at pinagkaisa ang mga lungsod–estado. Umunlad ang sibilisasyon ng Ur ang tumagal ang gintong panahon ng kabihasnang Sumerian ng maraming taon.

Ang mga Sumerian ay isa sa mga unang taong natutong gumamit ng gulong. Dahil sa mga pangangailangang-militar, naimbento nila ang pandigmaang chariot. Natutuhan din nila ang paghalo ng tanso at lata sa paggawa ng mga sandata.

Malakas ang impluwensiya ng relihiyon ng mga Sumerian. Walang pambansang diyos ang mga Sumerian ngunit ang bawat lungsod-estado ay may sinasambang diyos. Sa pamamagitan ng paring-pinuno, pinamahalaan ng diyos ang estado. Sa ganitong sistema, nagkaisa nag relihiyon at pamahalaan.

Maraming tungkulin ang mga paring pinuno. Tungkulin niyang mamagitan sa tao at sa diyos. Siya rin ang tagapangasiwa sa lahat ng lupain ng lungsod. Ang isang-ikatlong bahagi ng kita ng tao ay ibinabayad sa buwis sa lupa.  Kontrolado  rin ang pinuno ang paggawa ng mga produkto. Labis ang pagpatuloy ng paglaban-laban ng mga lungsod-estado. Humina ang imperyo ng Sumer at bumagsak sa kamay ni Hammurabi.

## Ang Imperyong Babylonia

Sa pagitan ng 2000 B.K. at 1800 sinalakay ng mga tribong Semitic ang Mesopotamia at itinatag ni Hammurabi ang imperyong Babylonia.  Pinagyaman ni Hammurabi ang kultura ng mga Sumerian.  Pinanatili ang kapangyarihan ng mga paring-pinuno. Ginawa niyang punong diyos ng Mesopotamia si Marduk, ang diyos ng Babylon.

Matalinong pinuno si Hamurabi at maunlad ang imperyong Babylonia kaya malimit ang pagsalakay ng ibang tribo. Noong 1600 B.K. ay sumalakay ang mga Hittite laban sa Babylonia.

**Ang mga Hittite**

Ipinalagay na buhat sa tribong Indo-Europeo ang mga Hittite. Sila ay dumayo sa Asya Minor at nagtatag ng ilang malayang lungsod, isang malakas na pinuno ang sumakop sa mga lungsod at itinatag ang kapital sa Hattushah.

**Ang mga Assyrian**

Noong 900 B.K., ang hukbo ng mga Assyrian ang pinakamalakas sa Mesopotamia at noong 700 B.K., itinatag ni Haring Sargon II ang pinakamalakas na imperyo ng sinaunang panahon. Sakop ng imperyo ang buong Fertile Crescent at Ehipto.

**Ang mga Chaldean**

Nagmula sa angkan ng mga Babylon ang mga Chaldean. Noong 612, natalo nila ang mga Assyrian at sinira ang Nineveh, ang kapital ng Syria. Sumikat ang mga Chaldean sa pamumuno ni Nebuchadnezzar. Sinakop nila ang Syria, Palestine at Ehipto. Simula noon hindi na bumalik ang mga Assyrian.

**Ang mga Persiano**

Nagmula sa kabundukan ng Iran sa gawing silangan ng Mesopotamia ang mga Persiano. Noong 550 B.K., sumikat si Cyrus. Sinakop niya ang mga kalapit na lupain kabilang ang Babylonia. Mabait na pinuno si Cyrus, maunawain siya hindi tulad ng mga Assyrian. Nang mamatay siya naging hari si Darius. Si Darius ang itinuturing pinakadakilang hari ng mga Persiano.

## Ang mga Phoenician

Simula nang bumagsak ang Imperyong Babylonia, wala nang sumikat na imperyo sa Silangan. Samantala, ang gawing kanluran ng Fertile Cresent ay nahati-hati sa maliliit na estado ng Syria, Phoenicia, Palestine at iba pang tribo. Noong 1200 BK, binuo ng apat na tribong Semitic ang rehiyon – ang mga Aramean, Phoenician, Philistine at Hebreo. Sa ngayon, ang rehiyon ay nahahati sa mga estado ng Syria, Lebanon, Israel at Jordan.

Isa sa mga tribong Semitic na sumikat sa baybayin ng Dagat Mediterranean ay ang mga Phoenician. Hindi mataba ang mga lupain ng Phoenicia kaya hindi naging magsasaka ang mga tao kundi mangangalakal. Ang lungsod ng Tyre, Sidon at Byblos ay naging sentro ng kalakalan sa Mediterranean. Sumikat ang Carthage sa Hilagang Aprika at ang Cadiz sa Espanya.

Maunlad ang kalakalan ng Phoenician. Nagluluwas sila ng kahoy na cedar sa Babylonia at Ehipto. Mula sa Ehipto at Mesopotamia dala-dala ng kanilang barko ang kalakal patungong kanlurang Europa.

## Ang mga Hebreo

Mga karaniwang gumagalang pastol sa disyerto ng Arabia ang mga Hebreo at narating nila ang Canaan sa pagitan ng 1400 B.K. at 1300 BK. Salat sa matabang lupa, pinagkukunang-yaman at likas na daungan ang pook. Kung panahon ng tag-lamig, malakas ang ulan mula sa Dagat Mediterranean. Kung panahong tag-init naman, natatabunan ng makapal na alikabok ang lupa galing sa disyerto. Gayunpaman, paraiso na ang pook sa mga Hebreo sa gawing hilaga na natutubigan ng Ilog Jordan.

Isa sa mga tribo ng mga Hebreo ay nakarating sa Ehipto. Alinsunod sa Lumang Tipan, ang tribong ito ay binihag ni Rameses II. Sa pamumuno ni Moses, nakatakas sila at nanirahan sa Sinai Peninsula sa loob ng 40 taon. Nakarating sila sa Canaan noong 1200 B.K. at nakiisa sa mga tao upang mapaunlad ang kanilang bansa.

Noong una, watak-watak ang 12 tribo at ang bawat tribo ay pinamumunuan ng isang marunong na hukom. Nang magsimulang manligalig ang mga Philistine, nagkaisa ang sampu at pinili si Saul bilang Hari. Marami siyang ipinanalong labanan subalit malakas ang puwersa ng mga Philistine. Dahil sa matinding pagkadismaya, siya ay nagpakamatay.

Ang batang pastol na si David na pumatay kay Goliath ang piniling kahalili ni Haring Saul. Pinag-isa ni Haring David ang mga Hebreo sa isang kaharian at itinatag ang kapital sa Jerusalem. Sa loob ng 40 taong pamamahala ni David, lumakas ang kaharian ng mga Hebreo.

Si Solomon na anak ni David ang sumunod na hari. Natamo ng kaharian ang tugatog ng tagumpay sa ilalim ng pamamahala ni Haring Solomon. Lumakas ang kalakalan subalit magastos si Solomon at nagpatayo ng malalaki at magagarang templo bilang parangal sa kanilang Diyos. Tinaasan ang buwis at sapilitang pinagtrabaho ang mga tao.

Nang mamatay si Haring Solomon, nagrebelde ang sampung tribo at itinatag nila ang kaharian ng Israel. Walang pagkakaisa at walang malakas na lider ang mga Israelita kaya madali silang nasakop ng mga Assyrian noong 722 BC. Sila ay binihag at pinalakad sa mainit na disyerto ng Assyria na kung saan tuluyan silang nagkawatak-watak at nangawala kaya tinagurian silang “Sampung Nawawalang Tribo”.

Itinatag naman ng dalawang naiwang tribo ang kaharian ng Judah at tinawag ang sarili na mga Hudyo. Noong 586, sinalakay ng mga Chaldean ang Jerusalem, binihag at pinagmartsa ang mga Hudyo sa Babylon. Bagaman, nakabalik sila sa Canaan hindi na nila nabawi ang kanilang pagkakaisa at kasikatan.

Tinatayang umusbong ang kabihasnang Indus noong 2600 B.K. o Panahon ng Tanso. Ang kanilang kabihasnang ay masasabing maunlad.

Ang Harappa ang punong-lungsod at batay sa mga nahukay sa lungsod na ito, masasabing ang mga ito ay may kinalaman sa arkitektura. Ang mga bahay ay karaniwang yari sa bato at binubuo ng dalawa o tatlong palapag. Bawat bahay ay may sariling kusina at palapag. Ang mga kalye ay mayroong paagusan ng tubig. Kapansin-pansin din ang mga sitadel o tanggulan at ang mga tao ay may kaalaman sa pagsulat batay sa nahukay na mga selyo o seal.

Marami ang nagsasabi na may kaugnayan ang kabisnanag Indus sa Kabihasnang Sumer. Maraming nahukay na palayok at nililok na selyo sa Indus na kahawig ng gamit ng mga taga-Sumer. Mayroon pang nahukay sa Sumer na inukit na batong anyong elepante at rhinoceros. Ayon sa pagsusuri, ito ay malamang na nanggaling sa India sapagkat walang rhinoceros sa Mesopotamia na maaaring magkaroon ng kalakalan sa dalawa.

Ang kabihasnang Indus ay lumipas noong 1700 B.K. dahil sa pagbaha ng Ilog Ganges at dahil na rin sa pagpalit ng klima mula sa pagiging katamtaman patungo sa pagiging tuyot.


**Kabihasnang Tsina**

Ang kabihasnan sa lambak ng Ilog Huang Ho sa Tsina ay ipinalalagay na sumibol noong 1700 B.K o Panahon ng Bronse. Ang kaalaman ukol sa kabihasnang Tsina ay batay sa mga nahukay na labi at kagamitan sa lalawigan ng Honana, malapit sa Ilog Huang Ho. Ang mga nahukay na ito ay nagpapatunay na rin na hindi lamang isang alamat ang dinastiyang Shang. Subalit, hanggang ngayon ay wala namang nahukay na katibayan na nagpapatotoo na mayroong unang dinastiyang Hsia bago pa nagkaroon ng dinastiyang Shang.

Batay sa mga nahukay, ang dinastiyang Shang ay isang lipunang pansakahan. Mayroong pagtutulungang namagitan sa mga tao upang mabigyang lunas ang pagbaha ng Ilog Huang Ho. Mayroon ding sistema ng pagsusulat at gumagamit na rin sila ng gulong at ng chariot o sasakyan ng mandirigma.

Sinasabing ang Shang ay isang lipunang alipin. Ito ay sa dahilang may mga natagpuang labi ng aliping nakagapos at inilibing na kasama ng kanilang amo at karamihan sa mga alipin ay bilanggo ng digmaan.

Ang dinastiyang Shang ay lumipas nang gupuin ito ng dinastiyang Chou. May paniniwala ang mga Tsino na ang kanilang puno o emperador ay “anak ng langit”. Siya ay banal at inatasang mamuno sa mga tao. Ayon sa mga salaysay, ang Shang ay bumagsak dahil sa pagkawala ng “kapangyarihan mula sa langit.” Nang bumagsak ang Shang ang kabihasnang Tsina ay nagpatuloy sa ilalim ng mga iba’t ibang dinastiya.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Isulat kung Sumer, Indus o Tsina. Basahin sa unang kolumn ang mga umusbong na pangkat noong sinaunang kabihasnan at isulat sa tapat sa ikalawang kolumn ang mga nagawang kontribusyon ng bawat pangkat sa sinaunang kabihasnan.

- Ang kabihasnang ito ay lumipas noong 1700 B.K. dulot ng mga pagbaha ng Ilog Ganges at pagpalit ng klima mula sa katamtaman patungo sa pagiging tuyot.
- Harappa ang punong-lungsod at may kinalaman sa maayos na pagtatayo ng mga bahay na karaniwang yari sa bato at binubuo ng mga palapag na may sariling kusina.
- Itinuturing na pinakaunang kabihasnang naitatag sa Timog-kanlurang Asya noong Panahon ng Tanso.
- Kabihasnan sa lambak ng Ilog Huang Ho batay sa mga nahukay na labi at kagamitan malapit sa ilog.
- May naitayong mga sitadel o tanggulan at ang mga tao ay may kaalaman sa pagsulat batay sa nahukay na mga selyo o seal.
- May paniniwala na ang kanilang puno o emperador ay "anak ng langit" at banal na inatasang mamuno sa mga tao.
- May sistema ng pagsulat na tinatawag na cuneiform gamit ang matulis na metal o stylus sa lapidang luwad na binilad sa araw.
- Unang natutong gumamit ng gulong at nagamit para sa mga pangangailangang-militar tulad ng chariot.

| SUMER | INDUS | TSINA |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |



**Tandaan Mo!**

- Ang mga unang kabihasnan sa Asya ay nasa lambak ng Ilog Tigris at Euphrates sa Mesopotamia (Iraq ngayon); Kabihasnang Indus (bahagi ng Pakistan ngayon) at Kabihasnang Tsino sa may lambak ng Ilog Huang Ho.
- Ang mga sinaunang kabihasnan sa rehiyong Fertile Cresent ay ang mga Sumerian, Akkadian, Babylonia, Hittite, Assyrian, Persiano, Phoenician at mga Hebreo.
- Ang mga Sumerian ang itinuturing ito na pinakaunang kabihasnan at nakilala sa templo na maraming palapag sa bawat pamayanan - ang Ziggurat at sistema ng pagsulat na tinatawag na cuneiform gamit ang matulis na metal o stylus.
- Umunlad ang sibilisasyon ng Ur at nakilala ang ginintuang panahon ng kabihasnang Sumerian ng maraming taon at mga Sumerian ay isa sa mga unang taong natutong gumamit ng gulong.
- Itinatag ni Hammurabi ang imperyong Babylonia at ginawa niyang punong diyos ng Mesopotamia si Marduk, ang diyos ng Babylon.
- Isa sa mga tribo ng mga Hebreo ay nakarating sa Ehipto at ayon sa Lumang Tipan, ang tribong ito ay binihag ni Rameses II na pinalaya ni Moses at nanirahan sa Sinai Peninsula sa loob ng 40 taon.
- May 12 tribo at ang bawat tribo ay pinamumunuan ng isang marunong na hukom. Mula kay Saul bilang Hari, si David ang piniling kahalili ni Haring Saul at sa loob ng

40 taong pamamahala ni David, lumakas ang kaharian ng mga Hebreo at sumunod si Solomon na anak ni David.

- Sa kabihasnang Indus ay nakilala ang Harappa bilang isang punong-lungsod, ang mga bahay ay karaniwang yari sa bato at binubuo ng dalawa o tatlong palapag. Bawat bahay ay may sariling kusina at palapag. Ang mga kalye ay mayroong paagusan ng tubig.
- Ang kabihasnang Indus ay lumipas noong 1700 B.K. dahil sa pagbaha ng Ilog Ganges at pagpalit ng klima mula sa pagiging katamtaman patungo sa pagiging tuyot.
- Ang kabihasnan sa lambak ng Ilog Huang Ho ay ang Tsina na sumibol noong 1700 B.K o Panahon ng Bronse.
- Ang Dinastiyang Shang ay isang lipunang alipin at may paniniwala ang mga Tsino na ang kanilang puno o emperador ay “anak ng langit”. Siya ay banal at inatasang mamuno sa mga tao.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Basahing mabuti ang mga katangian at sagutin ang bawat isa ayon sa iyong mga nabasa at natutunan.

1. Ayon sa iyong mga nabasa, ano ang katangiang pisikal o kapaligiran ng mga umusbong na sinaunang kabihasnan? ______________________________

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Anu-ano ang pangkalahatang katangian ng mga naging pinuno/hari/emperador ng bawat pangkat? ______________________________

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Nang mamatay si Haring Solomon, bakit tinaguriang “Sampung Nawawalang Tribo ang mga Hebreo? ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________


____________________________________________

**ARALIN 4**

**PAG-UNLAD NG KABIHASNAN AT PAGTATAG NG MGA IMPERYO SA ASYA**



Ang araling ito ay tungkol sa mga Imperyong naitatag at lumaganap sa Asya tulad ng Tsina at Persia. Nasasaad din sa araling ito ang mga pagsikat at paglubog ng bawat dinastiya o imperyo.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang katawagan sa pagkahati ng Imperyong Persia, relihiyong umiiral at ang mga nakilalang pinuno;
2. Masusuri ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga dinastiya sa Imperyong Tsian at ang mahahalagang katangian nito; at
3. Maipaliliwanag sa pamamagitan ng sarilign pangungusap ang pagsikat at palubog ng mga imperyo at ang impluwensya ng paniniwala o relihiyon sa patakarang pangpamahalaan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Sagutin ang bawat katanungan o ang tinutukoy sa bawat pangungusap gamit ang mga hinalong titik.

S A G O T

1. Pumalit kay Cyrus the Great at kinilala bilang pinakadakilang emperor ng Imperyong Persia. — RDSAUI _ _ _ _ _ _

2. Ito ang tawag sa mga lalawigang bahagi ng Imperyong Persia. — YPARSTAH _ _ _ _ _ _ _ _

3. Ito ang relihiyon ng mga Taga-Persia noong unang panahon. — OSITOARIZOSRANM _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _

4. Pinunong lumusob sa Gresya, ngunit natalo at naging simula ng pagbagsak ng Persia. — EXEXRS _ _ _ _ _ _

5. Kilalang pinuno ng mga Griyego na tumalo sa malakas na Imperyo ng Persia. — RDAXLAENE _ _ _ _ _ _ _ _ _

**Imperyong Tsina**

Ang pagsibol ng kabihasnang Tsina ay sa ilalim ng Shang. Gayundin, nabanggit ang haka-haka ukol sa sanhi ng pagbagsak ng Shang. Maging ito man ay totoo o hindi, ginamit ito ang humaliling dinastiyang Chou upang bigyang matuwid ang kanilang paggupo sa Shang.

Ang dinastiyang Chou ay naghari mula 1122 B.K hanggang 256 B.K. Sa panahong ito, ang Tsina ay nahati sa maraming estado. Ang katungkulan ng monarkong Chou ay panseremonya lamang dahil sa ang tunay na kapangyarihan ay nasa puno ng bawat estado. Ang lipunang alipin na umiral nang panahon ng Shang ay unti-unting nawala dahil sa mga pag-aalsa ng mga alipin. Sa harap ng ganitong mga pangyayari sumulpot ang iba't ibang pilosopong Tsino. Pinakatanyag dito sina Confucius na nagbigay ng Confusionismo at si Lao Tzu na sinasabing nagpasimula ng Taoismo.

Sa naganap na mga digmaan ng estado sa panahon ng Chou, ang nagwagi ang estado ng Ch'in. Si Shih Huang Ti ang nagtatag ng dinastiyang ito na humalili sa Chou. Sa kauna-unahang pagkakataon, napag-isa ni Shih Huang Ti ang kabuuan ng Tsina. Nagtatag siya ng sentralisadong pamahalaan, pinalawak niya ang sakop na teritoryo ng Tsina. Kasabay nito, itinayo ang Dakilang Pader ng Tsina (Great Wall of China) upang mahadlangan ang pananalakay ng mga Han mula Hilagang Asya.

Hindi lahat ng ginawa ni Shih Huang Ti ay kanais-nais. Inutos nyang sunugin ang lahat ng libro ng kasaysayan ng Tsina sa kanyang paghahari. Kailan lamang ay nahukay ng mga arkeologo sa lambak ng Ilog Huang Ho, ang libingan ni Shih Huang Ti. Ang kasama sa libingan ng emperador ay rebulto na lamang ng mga mandirigma at alila patunay na nagwakas na ang lipunang alipin noong panahong iyon.

Mahihina ang nagsipalit dito noong 206 B.K. Tinawag itong Kanlurang Han sa dahilang ang kabisera ng dinastiyang ito ay nasa lambak ng Wei sa may Kanlurang Tsina pagbabago ang naganap nang panahong ito. Sinimulan ang pagbibigay ng pagsusulit para sa serbisyo sibil, batay sa turo ni Confucius, sa mga ibig mamasukan sa pamahalaan. Iniutos din ang paghahati ng mga lupa upang ipagkaloob sa mga magsasaka. Tinutulan naman ito ng Piyudalismong amo at isa sa mga nagsipagtutol ay ang pamilyang Liu na nagtatag ng Silangang Han at humalili sa kanlurang Han noong 25 P.K.

Sa panahon ng Silangang Han, ang kabisera ay ibinalik sa Silangang Tsina. Tinatayang sa panahong ito pumasok sa Tsina ang relihiyong Buddhismo magbuhat sa India. Nang panahon ding ito, naimbento ang papel kalendaryo na batay sa buwan (Lunar calendar), at ang sinaunang seismo calendar, at ang panukat sa lakas ng lindol.

Sa pagbaksak ng Silangang Han, nasadlak ang Tsina sa kaguluhan. Sa panahong ito naghari ang dinastiyang Sui. Subalit dahil sa kaguluhan at paglusob ng mga Han mula sa Hilagang Asya.

Matapos ang apat na dantaon ng kaguluhan, nangibabaw ang katatagan sa ilalim ng dinastiyang T'ang noong 618 P.K. Lumawak ang sakop na teritoryo ng imperyo. Kabilang sa napailalim sa Tsina ang bahagi ng Mongolia, Manchuria, at Indonesia at ang kalakalan ay umunlad. Ang paglilimbag sa pamamagitan ng bloke o woodblock printing ay naimbento rin nang panahong ito. Nakilala rin nang panahong ito ang mga dakilang manunulang Tsino na sina Tu Fu at Li Po.

Muling nagkagulo sa pagbaksak ng T'ang ay sunod sunod ang paghahari at pagbaksak ng limang dinastiya. Dahil dito ang ekonomiya ay tuluyang bumagsak.

Noong 960 P.K ang dinastiyang Sung ang naghari. Ang ekonomiya ay muling sumigla. Lumawak ang pakikipagkalakalan at nagkaroon ng panibagong paghahangad sa edukasyon at sining.

Matapos ang tatlong daan taong pamamayani ng Sung, nasakop ang Tsina ng mga Mongol, ang dinastiyang Yuan noong 1260. Sa panahong ito nasisimulang dumating ang mga Europeong mangangalakal. Ang pinakatanyag sa mga Europeong ito ay si Marco Polo na nagsulat tungkol sa kanyang paglalakbay sa Tsina at nanghihikayat ng iba na pumunta sa Asya.

Isa sa pinakamahalagang pinuno ng Mongol ay si Kublai Khan ngunit, sa pagyao ni Kublai Khan, mahinang emperador ang nagsipalit. Ginupo ang dinastiyang Ming ang Yuan noong 1368. Sa panahong ito nagpatuloy ang kalakalan subalit ito ay itinakda sa may hilagang baybay dagat lamang. Dalawang daungan ang naging mahalaga, ang Canton at Macao.

Noong 1644, ang Tsina ay muling bumagsak sa kamay ng mga dayuhang Manchu na nagtatag ng dinastiyang Ching. Ilang ulit tinangka ng mga Tsino na masipag-alsa, subalit nilupig sila ng mga Manchu at tinanggap ang katotohanang sila ay nasasakop ng mga banyaga mula sa Mancuria. Ang dinastiyang Ching ay tumagal hanggang 1911.

**Imperyong Persia**


Tinatayang noong 500 B.K o Panahon ng Bakal nagsimula ang Imperyong Persia. Si Cyrus the Great ang nagtatag nito sa pamamagitan ng paglusob sa mga kalapit na lugar ng Persia. Isinanib niya sa ilalim ng Persia ang mga lugar sa Timog-Kanlurang Asya. Sila ay isang magaling na sundalo at mautak na pinuno. Hindi siya naging malupit at nalaman niya na nag-aaklas lamang ang mga ito kung siya ay nagmamalupit. Sa kanyang pagkamatay, kabilang na rin ang Ehipto sa Imperyong Persia.

Isa sa mga humalili kay Cyrus ay si Darius I kinilalang pinakadakilang emperador ng Imperyong Persia katulad ni Cyrus. Si Darius I ay naging isang magaling na pinuno rin. Hinati niya ang Imperyong Persia sa mga lalawigan na tinawag niyang Satraphy. Na pinamunuan ng isang gobernador sibil at isang gobernador militar na tinawag na satrap. Nagpadala rin siya ng mga inspektor na kung tawagin ay "ang mga mata at tainga ng hari" Ang bawat isa sa tatlong ito ay palagiang nagpapadala ng ulat upang masiguro niya na mainam ang pagpapatakbo sa bawat lalawigan at ang mga namumuno ay masipag at tapat sa kanya.

Upang manatiling tapat sa kanya ang kanyang sinasakupan, iginalang niya ang mga sariling pananampalataya, batas, at wika ng mga ito. Hindi niya pinilit na yakapin nila ang Zoroastrianismo, ang relihiyon ng mga taga-Persia.

Sa pagkamatay ni Darius I, humalili ang kanyang anak na si Xerxes I. Nilusob ni Xerxes I ang Gresya ngunit siya'y natalo sa labanan. Dahil dito, humina ang imperyo at ito na ang naging simula ng pagbagsak ng Imperyong Persia.

Naging pabaya ang pamamahala sa imperyo at maraming pagsalakay ang naganap. Kasabay nito, isa-isang nagsipag-alsa ang mga nasasakupan. Ang muling pagkatalo ng Imperyong Persia noong 331 B.K. sa kamay ng mga Griyego, sa pamumuno ni Alexander the Great, ang nagsilbing wakas ng imperyong ito.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Ayusin ang wastong pagkakasunod-sunod ng bawat dinastiyang namuno sa Tsina at isulat sa tapat nito ang mahahalagang katangian ng bawat isa.

| | | |
|---|---|---|
| CH'IN | CHING | CHOU |
| KANLURANG HAN | MING | SHANG |
| SILANGANG HAN | SUI | SUNG |
| T'ANG | YUAN | |

| DINASTIYA | MAHAHALAGANG KATANGIAN |
|---|---|
| | |
| | |

| | |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |



**Tandaan Mo!**

- Ang Imperyong Tsina ay dumaan sa maraming dinastiya mula sa Shang, Chou, Ch'in, Kanlurang Han, Silangang Han, Sui, T'ang, Sung, Yuan, Ming at ang Ching na tumagal hanggang 1911.
- Pinakatanyag sa mga pilosopo ng Tsina ay sina Confucius na nagbigay ng Confusionismo at si Lao Tzu na sinasabing nagpasimula ng Taoismo.
- Si Shih Huang Ti ang nagtatag ng dinastiyang Ch'in at napag-isa niya ang kabuuan ng Tsina sa pamamagitan ng sentralisadong pamahalaan, ipinatayo niya ang Dakilang Pader ng Tsina (Great Wall of China).
- Nasakop ang Tsina ng mga Mongol na nagtatag ng Dinastiyang Yuan noong 1260. Sa panahong ito nasisimulang dumating ang mga Europeong mangangalakal tulad ni Marco Polo na nagsulat tungkol sa kanyang paglalakbay sa Tsina.

- Si Cyrus the Great ang nagtatag ng Imperyong Persia at isinanib niya sa ilalim ng Persia ang mga lugar sa Timog-Kanlurang Asya. Magaling na sundalo, mautak at hindi siya naging malupit, napabilang din ang Ehipto sa Imperyong Persia.
- Si Darius I kinilalang pinakadakilang emperador ng Imperyong Persia, isang magaling na pinuno at hindi niya pinilit na yakapin nila ang Zoroastrianismo, ang relihiyon ng mga taga-Persia.
- Ang pagkatalo ng Imperyong Persia sa kamay ng mga Griyego, sa pamumuno ni Alexander the Great, ang nagsilbing wakas ng imperyong Persia.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

Batay sa iyong mga nabasa ukol sa Tsina at Persia sa paanong paraan natalo o bumagsak ang kanilang mga imperyo? ______________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Bilang isang mag-aaral paano nakakaimpluwensya sa iyo ang turo ng iyong relihiyon at mga patakaran ng pamahalaan? ______________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Gumawa ng sariling kahulugan sa mga salitang Dinastiya at Imperyo batay sa iyong natutunan mula sa araling ito.

Dinastiya ____________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Imperyo ________________________________________________

________________________________________________


________________________________________________

**ARALIN 5**

**KAISIPANG PINAGBATAYAN SA SINAUNANG KABIHASNAN**



Ang araling ito ay tungkol sa mga kaisipang pinagbatayan ng bansang India, Hapon at Tsina mula pa sa sinaunang kabihasnan hanggang sa kasalukuyan. Nakapaloob din dito ang iba't ibang aral na nabuo na ngayon ay kinikilala bilang relihiyong Buddihismo, Shintoismo at Confucianismo.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maiuugnay ang mahahalagang kaisipan na may kaugnayan sa mga kaisipang lumaganap sa Asya;
2. Matutukoy ang mga kaisipan o aral ng Buddihismo, Shintoismo o Confucianismo; at
3. Makapagbibigay ng 5 dahilan sa pagsunod ng mga Asyano kaisipan at relihiyong Buddishismo, Shintoismo at Confucianismo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Narito ang ilang salita na may kaugnayan sa mga pangunahing kaisipang lumaganap sa Asya. Pagdugtong-dugtungin ang mga salitang may kaugnayan sa bawat isa sa Hanay A, B, at C sa pamamagitan ng mga guhit.

| HANAY A | HANAY B | HANAY C |
| --- | --- | --- |
| Siddharta Gautama | Way of the gods | Karma at Dharma |
| Izanagi at Izanami | Moral Responsibilities | Pagtatatag ng Imperyong Hapon |
| Kung Fu Tzu | 8 Landas ng Katotohanan | Sinocentrismo |

**Katutubong Kasaysayan ng mga Rehiyon sa Asya**

Sa lahat ng pook sa mundo wala nang hihigit pa sa pagpapahalaga sa tradisyon tulad ng mga Asyano. Marami ang nakaaalam ng mga tradisyong paggalang sa nakatatanda at may katungkulan, sa pagmamahal sa magulang at pagpahalaga sa edukasyon.

Ang mga Asyano ay ginagabayan ng mga aral ng mga unang paniniwala. Suriin natin ang tatlong pangunahing pananaw ng mga Asyano.

**Sinocentrismo (Tsina)**

Ito ay salitang nangangahulugan ng pagpapahalaga sa sarili ng mga Tsino. Ang "Sino" ay tumutukoy sa mga Tsino at ang "centrism" ay paglalagay ng sarili sa gitna o sa sentro, kaya ang Sinocentrism ay paniniwala ng mga Tsino na sila, higit sa lahat, ay mahalaga.

Nag-ugat ang pananaw na ito sa panahon ni Kung Fu Tzu (5 B.K.) kung kalian ang kahariang piyudal ng dinastiyang Chou ay napalitan ng grupo ng malayang estado na nanatiling nakikibaka upang makamit ang kasaysayang pampulitika.

Ang bagong sistemang pampulitika at panlipunan ay nalinang ni Kung Fu Tzu. Ito ay nagsasabi na panatilihin sa pamamahala ang mga kasanayang espiritwal at diplomatiko at dapat ang mga pinuno ang may moral na responsibilidad sa ikakabuti ng mga mamamayan na lalong kilala bilang pangunahing paniniwala na Confucianismo

Nagsisikap sila at umuunlad sa sariling sikap at pagod. Nagtutulungan ang isa't isa. Ayaw makitang naghihirap ang kapwa. Ang paniniwala nila sa sarili ay kasing tibay ng "Great Wall" na ginawa at pinagbuwisan ng buhay at pawis mabigyan lamang ng proteksyon ang kalahatang Tsina laban sa pagpasok ng mga Barbaro.

Sa kasaysayan, naging talunan sa digmaan ang Tsina. Nagkaroon ng "Opium War" noong 1840-42 laban sa mga Ingles. Nakipagdigmaan din sila laban sa mga Hapones (Sino Japanese War) noong 1894-95; subalit nanatiling magpakumbaba ang mga Tsino.

Noon at ngayon, gabay ng mga Tsino ang pananaw na ito paniniwala ng mga Tsino na ang Tsina ang sentro ng daigdig (middle kingdom) at sa Tsina nagsimula ang sibilisasyon.

**Divine Origin (Hapon)**

Ginagabayan sila ng paniniwala na silang mga Hapon ay nagmula sa mga diyos. Na ang katangian, kakayahan at kapangyarihan nila ay ipinamana sa kanila ng dakilang manlilikha. Ipinasa sa Emperador hanggang sa mga tao. Sila ay may divine origin o banal na pinagmulan.

Ang kaisipan ng mga Hapones ay binubuo ng halu-halong paniniwala sa mga aral ng Shinto, ang pambansang relihiyon. Ito ang dahilan ng maraming piging at selebrasyon isinasagawa bansang Hapon.

Ang ugat ng paniniwala Shinto (Way of the Gods) ay batay sa isang makasaysayang alamat at nagpalipat-lipat sa maraming henerasyon na nagsasabing:

Dumating sa lupa ang diyos na si Izanagi at ang diyosang si Izanami. Sila ay tumayo sa tulay ng kalangitan at inilubog ang sibat sa tubig sa kanilang ibaba. Ang mga patak galing sa sibat na ito ay naging kalupan sa Hapon.

Ang diyosang si Iznami ay pinaniniwalaang nanganak at ito ay pinangalanan ng Amaterasu-o-mi-Rami ipinadala siya sa kalangitan kung saan nagreyna bilang diyosa ng araw. Ang nakakabatang kapatid na lalaki ay ipinadala rin sa kalangitan upang hatian ng kapangyarihan taglay at siya ay nakilalang si Amaterasu, ang diyos ng buwan. Isa pang ipinanganak ay si Susa-na-wo na naging malupit at marahas siya ay ipinadala sa mundo ng kadiliman. Kasunod nito ay ipinanganak ang dyosa ng apoy at si Susa-na-wo ay sinunog hanggang sa halos na mamatay ito. Pinaniniwalaang marami pa ang naging anak ng mag-asawang Izanagi at Izanami.

Lumipas ang mga araw, patuloy pa ang alamat, ipinadala ng diyosa ng araw ang kanyang apo na si Ninigi-no-Mikoto upang maghari sa Hapon. Una siyang pumunta sa lupa ng Kyushu, dala-dala ang kayamanang pabaon ng lolang si Amaterasu: isang alahas, isang espada at isang salamin. Dito na nag-asawa at nagka-apo si Ninigi at isa sa naging apo niya ay si Jemmu Tenno. Sovereign of Heaven ang ibig sabihin ng Tenno at emperor sa wikang Hapon. Mula Kyushu; sinakop niya ang gitnang Hapon at naitatag ng estado ng Yamato noong ika-11 ng Pebrero 660 BC. Ito ang itinuturing na araw ng pagkakatatag ng imperyong Hapon at pinaniniwalaang si Jemmu Tenno ang kauna-unahang emperor.

Ang alamat ay nagpatuloy sa pagsasabing ang pabaon ni Amaterasu kay Ninigi ay naging simbolo ng “Imperial Authority” hanggang sa kasalukuyan. Iginagalang nila ang kalikasan at disiplinado ang mga Hapones. Malinis sila sa tahanan at bibigyan nila ng atensiyon ang kalusugan ng katawan at isip. Nakikita sa kultura nila ang pagpapahalaga sa pinagmulan. Sa bansang Hapon marahil naitatago ang mga ala-ala ng kahapon. Maayos ang kanilang mga museum at ang mga tanda at talaan ng kasaysayan. Ang paniniwala ng Hapon sa “Divine Origin” ay lakas na bumibigkis sa mga Hapones upang patuloy na hangarin ang pag-unlad.

**Theravada Buddhism**

Ang Buddhismo ay isang relihiyong oriental na itinatag ni Siddharta Gautama lalong kinilala sa pangalang Buddha na ang ibig sabihin ay “The Enlightened One”. Ang Buddhismo ay isang pilosopiyang pang-espirituwal at sistema ng etiko o tuntuning pangmoralidad. Ang Theravada o Hiyas ang pinakamatandang aral ng Buddhismo na tinatawag na “dharma”. Nakatala ito sa tripitaka at nakasulat sa diyalektong Dali.

Ang mga aral ni Buddha ay ang sumusunod:

1. Ang kalawakan ay isang proseso ng patuloy na pagbabago. Ang lahat ng bagay, kasama na ang buhay ng tao, ay hindi permanente (anicca). Ang kakayahan ng isang tao ay patuloy na nagbabago (atta). Naniniwala siya sa “incarnation” na ang isang tao ay binubuo ng limang bahagi ng pagbabago sa mental at pisikal na kabuuan nito, damdamin pandama, kaisipan at kamalayan.
2. Ang lahat ay nagaganap nang naaayon sa “universal causality” (Karma) at may kaukulang bunga. Inaani ng tao ang mg bunga ng kanyang itinanim na mga gawa, ang mabuting gawa ay aani ng kabutihan at ang masamang gawa ay aani ng kasamaan.

Ang walong landas ng katotohanan ay ang mga sumusunod:

1. Tamang pananaw at pag-unawa sa “four noble truths” na bumubuo ng mga paghihirap, mga dahilan nito, paghadlang at paraan o daan sa ikatitigil ng kahirapan.
2. Tamang kaisipan na bunga ng pagiging malaya sa kaisipang makamundo, gawaing di-kaibig-ibig, kalupitan at kasinungalingan.
3. Tamang pananalita, pag-iwas sa pagsasabi ng kasinungalingan, mga haka-haka, pagbigkas ng magaspang na salita at pagpapalalo o pagyayabang.
4. Tamang gawa, pag-iwas sa pagpatay, pagnanakaw at masamang asal.
5. Tamang kabuhayan o hanap-buhay nang hindi makakasira sa ano mang buhay na bagay at kalikasan.


6. Tamang pangyayari pag-iwas sa pagkawili sa kasamaan at sa maganda at kaaya-ayang gawain ang pairalin.
7. Tamang pag-aalaala, matamo sa pamamagitan ng tamang pangangalaga sa bawat aspeto ng sarili, ang katawan, damdamin at kaisipan, kasama na ang pag-unawa sa mga bagay bagay at pagkontrol dito.
8. Tamang konsentrasyon ng isip sa pagninilay-nilay na magdudulot ng kalugod-lugod na kamalayan tungo sa pinakarurok ng magandang pananaw.

Ang makapangyarihang literatura ng doktrinang Theravada ay isinaayos sa tatlong bahagi, (three baskets) na tinatawag na Tripitaka:

1. Vinaya Pitaka (Basket of Discipline)
2. Sutta Pitaka (The Basket of Discourses).
3. Adhidhama Pitaka (Basket of Higher Doctrine)

Sa kasalukuyan, marami na ang pagbabagong naganap sa pamamagitan ng asimilasyon ng kulturang Kanluranin sa Asya. Ang wikang Ingles, ang pananamit, ang pagkain, musika, sayaw, panitikan at teknolohiya ay naging bahagi ng kulturang Asyano. Ang "kalayaan, pagkakapantay-pantay ay mga pagkakataon" sa lahat ng aspeto ay nagbigay ng kasiyahan sa mga Asyano.

Ang kulturang Asyano ay naging bahagi na rin ng kulturang Kanluranin. Dala ng mga Hindu, Buddhista at iba pang relihiyon o paniniwala. Maging ang panitikan, pelikula, musika at iba pang aspeto ng kulturang Asyano ng kulturang Asyano tulad ng karma, yin ay may puwang na sa Kanluran. Ang kasaysayan ng Asya ay patuloy na dumadaloy at habang umuunlad ang Asya, patuloy na inaakma ang dating kultura sa ngayon.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Basahing mabuti ang mga salita sa kahon at isulat sa tamang hanay ang bawat isa kung ang kaisipan o aral ay mula sa Buddhismo, Shintoismo o Confucianismo.

- Divine Origin
- “Four Noble Truths”
- “Incarnation”
- Magalang sa kalikasan at disiplinado
- Mapagkumbabang mga tao sa kabila ng mga digmaan
- Nagmula sa Diyos (Emperador hanggang sa tao)
- Nagtutulungan at ayaw makitang naghihirap ang kapwa
- Pagpapalaganap sa pinagmulan tanda nito ang maaayos na Museum
- Pagpapanatili ng mga kasanayang espiritwal at diplomatiko
- “Three Barkets” (Tripitaka) Discipline, Discourses & Higher Doctrine
- “Universal Causality” (Karma)

KAHON NG MGA ARAL MULA SA IBA’T IBANG KAISIPANG ASYANO

| BUDDHISMO | SHINTOISMO | CONFUCIANISMO |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



**Tandaan Mo!**

- Malaki ang pagpapahalaga ng mga Asyano sa tradisyong paggalang sa nakatatanda at mga katungkulan, pagmamahal sa magulang at pagpahalaga sa edukasyon.
- Ang mga Asyano ay ginagabayan ng mga aral ng mga unang paniniwala tulad ng Sinocentrismo. Ang "Sino" ay tumutukoy sa mga Tsino at ang "centrism" ay paglalagay ng sarili sa gitna o sa sentro, kaya ang Sinocentrism ay paniniwala ng mga Tsino na sila, higit sa lahat, ay mahalaga.
- Sa bansang Hapon ay may paniniwala sila sa "Divine Origin" na ang katangian, kakayahan at kapangyarihan nila ay ipinamana sa kanila ng dakilang manlilikha.
- Ang ugat ng paniniwala Shinto (Way of the Gods) ay batay sa isang makasaysayang alamat at nagpalipat-lipat sa maraming henerasyon, ito ang kwento nina Izanagi at Izanami.
- Ang Buddhismo ay isang relihiyong oriental na itinatag ni Siddharta Gautama lalong kinilala sa pangalang Buddha na ang ibig sabihin ay "The Enlightened One".
- Ang mga aral ni Buddha ay ang tungkol sa kalawakan ng isang prosesong patuloy na pagbabago at ang paniniwalang lahat ay nagaganap nang naaayon sa "universal causality" (Karma) at may kaukulang bunga.
- May walong landas ng katotohanang sinusunod ang mga naniniwala sa Buddhismo: Tamang pananaw at pag-unawa sa "four noble truths", Tamang kaisipan, Tamang pananalita, Tamang gawa, Tamang kabuhayan, Tamang pangyayari, Tamang pag-aala-ala at Tamang konsentrasyon.
- Ang makapangyarihang literatura ng doktrinang Theravada ay isinaayos sa tatlong bahagi, ( three baskets ) na tinatawag na Tripitaka: Vinaya Pitaka (Basket of Discipline), Sutta Pitaka (The Basket of Discourses) at Adhidhama Pitaka (Basket of Higher Doctrine).



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Basahing mabuti at sagutin ang katanungan ayon sa iyong nabasa at napag-aralan

Magbigay ng 5 dahilan kung bakit sinusunod ng mga Asyano ang iba't ibang turo ng mga sinaunang kaisipan at relihiyon tulad ng Buddhismo, Shintoismo at Confucianismo?

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- May dalawang teorya ukol sa pinagmulan ng tao sa daigdig, ang Teorya ng Paglalang na ang tao ay nilalang ng Diyos ayon sa kanyang kawangis at ang Teorya ng Ebolusyon na ang batayan ay ang mahabang proseso ng pagbabago sa katangian ng isang species.
- Ang pinaniniwalaang pinagmulan ng tao ay ang pamilyang ng Pongid, Ramapithecus, Australopithecus, Homo Habilis, Homo Erectus at ang Homo Sapiens.
- Nahati sa ibat ibang panahon ang kasaysayan ng mga naunang tao batay sa pag-unlad sa pamumuhay at sa kanilang mga kagamitan - Lumang Bato o Paleotiko, Panahon ng bagong bato o Neolitiko at ang Panahon ng Metal.

- Ang Panahon ng Lumang Bato o “Paleolithic Age” ay nakilala dahil sa mga kagamitan ng mga tao noon na magagaspang na bato. Sa Panahon ng Bagong Bato (Neolithic) ay natuklasan ng tao ang higit na mahusay na paggawa ng mga kagamitang yari sa bato at ang panahon ng Metal ay nahahati sa tatlong yugto batay sa uri ng metal na malawakang ginamit ng mga tao tulad ng tanso, bronse at bakal.
- Ang mga unang kabihasnan sa Asya ay nasa lambak ng Ilog Tigris at Euphrates sa Mesopotamia (Iraq ngayon); Kabihasnang Indus (bahagi ng Pakistan ngayon) at Kabihasnang Tsino sa may lambak ng Ilog Huang Ho.
- Ang mga sinaunang kabihasnan sa rehiyong Fertile Cresent ay ang mga Sumerian, Akkadian, Babylonia, Hittite, Assyrian, Persiano, Phoenician at mga Hebreo.
- May 12 tribo at ang bawat tribo ay pinamumunuan ng isang marunong na hukom. Mula kay Saul bilang Hari, si David ang piniling kahalili ni Haring Saul at sa loob ng 40 taong pamamahala ni David, lumakas ang kaharian ng mga Hebreo at sumunod si Solomon na anak ni David.
- Ang kabihasnang Indus ay lumipas noong 1700 B.K. dahil sa pagbaha ng Ilog Ganges at pagpalit ng klima mula sa pagiging katamtaman patungo sa pagiging tuyot. Samantalang ang kabihasnan sa lambak ng Ilog Huang Ho ay ang Tsina na sumibol noong 1700 B.K o Panahon ng Bronse.
- Imperyong Tsina ay dumaan sa maraming dinastiya mula sa Shang, Chou, Ch’in, Kanlurang Han, Silangang Han, Sui, T’ang, Sung, Yuan, Ming at ang Ching na tumagal hanggang 1911.
- Si Cyrus the Great ang nagtatag ng Imperyong Persia at isinanib niya sa ilalim ng Persia ang mga lugar sa Timog-Kanlurang Asya. Samantalang si Darius I naman ang kinilalang pinakadakilang emperador ng Imperyong Persia.
- Ang mga Asyano ay ginagabayan ng mga aral ng mga unang paniniwala tulad ng Sinocentrismo, “Divine Origin” ng mga Hapon at ang kanilang Shinto (Way of the Gods) at ang Buddhismo na itinatag ni Siddharta Gautama na kinilala bilang “The Enlightened One”.
- May walong landas ng katotohanang sinusunod ang mga naniniwala sa Buddhismo: Tamang pananaw at pag-unawa sa “four noble truths”, Tamang kaisipan, Tamang pananalita, Tamang gawa, Tamang kabuhayan, Tamang pangyayari, Tamang pag-aala-ala at Tamang konsentrasyon.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang katumbas na tamang titik.

1. Alin sa mga sumusunod na pangkat ng tao ang nasa tamang pagkakasunod-sunod ayon sa Teorya ng Ebolusyon?
   a. Homo Erectus, Homo Habilis, Homo Sapiens
   b. Homo Erectus, Homo Sapiens, Homo Habilis
   c. Homo Habilis, Homo Erectus, Homo Sapiens
   d. Homo Sapiens, Homo Erectus, Homo Habilis

2. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa katangian ng makabagong tao MALIBAN sa:
   a. Ang pagbabagong anyo at gamit ng ngipin dahil sa mga pagkain
   b. Ang paglaki ng utak kumpara sa isang nilalang na “primate”
   c. Ang paglalakad ng tuwid sa pamamagitan ng dalawang paa
   d. Ang maitim na balat ay pumuti dulot ng pabago-bagong klima at kapaligiran

3. Ang mga sumusunod na katangian ay tumutukoy sa pamumuhay ng mga tao noong Panahon ng Lumang Bato o “Paleolithic Age”?
   a. May mga gamit na yari sa magagaspang na bato
   b. Nakatuklas sa paggamit ng apoy
   c. Nangunguha ng makakain sa kapaligiran
   d. Tumira sa mga kweba bilang permanenteng tirahan

4. Ang Ziggurat ito ay tumutukoy sa isang likhang arkitektura na naging sentro ng pamumuhay sa bawat pamayanan sa Kabihasnanag Sumer at ito ay kilala bilang isang:
   a. Daluyan ng patubig para sa mga sakahan
   b. Mahabang pader bilang proteksyon laban sa mananalakay

c. Piramide para sa mga Pharaoh
d. Templo na binubuo ng maraming palapag

5. Ang Harappa ay isang punong-lungsod sa Kabihasnang Indus na kilala sa mga pangunahing katangian nito MALIBAN sa:
   a. Maayos ang mga arkitektura tulad ng mga bahay na karaniwang yari sa bato
   b. Maraming kalye na may daluyan tubig
   c. May cunieform sa mga pampublikong lugar bilang sistema ng pagsulat
   d. May mga kusina at karaniwang binubuo ng mga palapag ang gusali

6. Ang mga sumusunod na pangungusap ay nagawa ni Shih-Huang-Ti sa ilalim ng kanyang pamumuno sa Tsina MALIBAN sa isa:
   a. Nagwakas ang lipunang alipin sa panunungkulan niya dahil hindi na mga alipin ang kasama sa libingan kungdi mga rebulto na lamang
   b. Nanguna sa pagpapatayo ng Dakilang Pader ng Tsina at nagkaroon sentralisadong pamahalaan
   c. Pinangunahan niya ang pagtanggap sa mga dayuhang mangangalakal mula sa Europa tulad ni Marco Polo.
   d. Pinasunog niya lahat ng aklat ukol sa mga naunang pinuno sa kanya upang magsimula ang kasaysayan ng Tsina sa panahon niya

7. Si Darius I ay isa sa mga kilalang pinuno ng Imperyong Persia, alin sa mga sumusunod na katangian ang HINDI tumutukoysa kanya?
   a. Nagtatag ng mga Satraphy bilang hating panlalawigan
   b. Pinakadakilang emperador ng Imperyong Persia
   c. Pinunong humalili kay Cyrus the Great
   d. Sumalakay sa Gresya at nakalaban si Alexander the Great

8. Ang katagang “The Enlightened One” ay tumutukoy kay?
   a. Cyrus the Great
   b. Hammurabi
   c. Solomon
   d. Siddharta Gautama

9. Ayon sa paniniwala ng relihiyon o pananampalatayang ito, ang lahi nila ay nagmula sa mga diyos at patuloy na gumagabay sa kanilang pamumuhay?
    a. Buddhismo
    b. Confucianismo
    c. Shintoismo
    d. Zoroasterianismo

10. Naitayo ang Dakilang Pader ng Tsina (Great Wall of China) noong sinaunang panahon upang makilala at maging:
    a. Isang lugar sa pagdarasal ng mga Tsino
    b. Sentrong kalakalan sa mga lungsod ng Tsina
    c. Hadlang sa pagpasok ng mga Han mula sa Hilagang Asya
    d. Simbolo ng paggalang sa mga namatay na Emperor ng Tsina

II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat ang titik:

A. Kung ang parehong pangungusap at TAMA;
B. Kung ang parehong pangungusap at MALI;
C. Kung ang unang pangungusap ay TAMA at ang ikalawang pangungusap ay MALI at
D. Kung ang unang pangungusap ay MALI at ang ikalawang pangungusap ay TAMA.

___________ 11. Ang Teorya ng Ebolusyon ay nakabatay sa pananampalataya na ang tao ay nilalang bilang kawangis ng Diyos.

Ang Teorya ng Paglalang ay tumutukoy sa mahabang proseso ng pananaliksik at pag-iimbestiga sa mga nahukang relikya at natipong mga ebidensiya kaugnay ng simula ng tao.

__________ 12. Australopithecus naman ang tawag sa taong nag-iisip, nakagamit ng apoy, nanirahan sa mga kweba, gumamit ng makapal na kasuotang galing sa balat ng hayop, nag-imbak ng pagkain, nagtanim at nakalikha ng sistema ng pakikipag-usap.

Ramapithecus ang tawag sa specie ng pinakamaliit sa tao na may taas na 1.1 metro, maiksing mukha, malaking panga, ngiping hawig sa kasalukuyang tao, may butas sa gitnang bahagi ng noo at maaaring tumindig nang tuwid.

__________ 13. Ang aklat ni Charles Darwin ay tungkol sa partikular na porma ng iba't ibang lahi na nilalang ng Diyos ayon sa Bibliya.

Inilathala ni Charles Darwin noong 1859 ang kanyang aklat ukol sa "Stages of Development" na ang pamagat ay "Origin of the Species".

__________ 14. Ang Panahon ng Metal ay nahati sa iba't ibang yugto, batay sa uri ng metal na ginamit ng mga tao para sa paggawa ng kagamitan, sandata at palamuti.

Malawakang ginamit ng mga Hittites sa Asya Minor ang ginto at pilak sa paggawa ng matitibay na sandata para sa mga digmaan laban sa ibang pangkat.

__________ 15. Ang Homo Erectus ay may kagamitan tulad ng sibat at batong magaspang. Gumamit ng apoy para sa pagluto, panakot sa mabangis na hayop at pangpainit sa taglamig at tumira sa permanenteng lugar tulad ng mga kweba.

Ang mga species ng Homo Habilis o taong nakatayo ng tuwid ay sinasabing nakita sa bahagi ng Tsina (Peking na ngayon ay Beijing), Indonesia (Java) at maging sa Aprika.

___________ 16 Ang Mesopotamia ay taun-taong humaharap sa pagbaha sanhi ng pag-apaw ng ilog Tigris at Euphrates.

Itinuturing ang Kabihasnang Sumer ang pinakaunang kabihasnan at tinatayang sumibol ito sa Timog-kanlurang Asya noong Panahon ng Tanso.

___________ 17. Ang Phoenician ay nakalikha ng kanilang sistema ng pagsulat na tinatawag na cuneiform, gamit ang matulis na metal o stylus ang kanilang gamit sa pagsusulat sa lapidang luwad na binilad sa araw.

Ang mga Hebreo ang unang taong nakaimbento ng Chariot at natutong gumamit ng gulong para sa pangangailangang-militar Nagawa din nilang paghaluin ang tanso at lata sa paggawa ng mga sandata.

___________ 18. Ang relihiyon ng mga taga-Persia ay tinatawag na Buddhismo.

Nagsimulang bumagsak ang Imperyong Persia ng salakayin nila at talunin sila ng mga Griyego na pinamunuan ni “Alexander the Great”

___________ 19. Ang Macao at Canton ay ang dalawang itinakdang daungan sa may hilagang baybay dagat para sa mga dayuhang mangangalakal nang matalo ng Dinastiyang Ming ang Yuan noong 1368.

Si Marco Polo ay isang Europeong mangangalakal na nagsulat ukol sa yaman ng Silangan lalo na ang Tsina, isa ito sa dahilan kaya nagkaroon ng interest ang dayuhan sa mga produktong Tsino tulad ng telang sutla at porselana.

__________ 20. Lumaganap ang katatagan sa ilalim ng dinastiyang T'ang noong 618 P.K. at lumawak ang sakop na teritoryo ng imperyong Tsina tulad ng ng Mongolia, Manchuria, at Indonesia at ang kalakalan ay umunlad.

Noong 1644, ang Tsina ay muling bumagsak sa mga dayuhang mananakop na Manchu at nagtatag ng dinastiyang Ching.




**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | |
|---|---|
| 1. B | 11. B |
| 2. D | 12. C |
| 3. C | 13. C |
| 4. D | 14. D |
| 5. D | 15. A |
| 6. D | 16. C |
| 7. D | 17. D |
| 8. D | 18. C |
| 9. C | 19. C |
| 10. C | 20. A |

**ARALIN 1: EBOLUSYONG BAYOLOHIKAL NG MGA SINAUNANG TAO SA ASYA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**



| | |
|---|---|
| Ang Teorya ng Paglalang o “Creation Theory” ay nakabatay sa pananamplataya na ang tao ay nilalang ng Diyos na Kanyang kawangis at espesyal na nilikha sa lahat. | Ang Teorya ng Ebolusyon o “Evolution Theory” ay isang siyentipikong pagpapali-wanag na nakabatay sa mahabang proseso ng pananaliksik, pag-iimbestiga sa mga relikya at ebidensya. |

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| PINAGMULAN NG TAO | LUGAR/BANSA | KATANGIAN |
|---|---|---|
| Pamilyang Hayop na Pongid | Aprika<br>Asya | • Kabilang sa mga pangkat ng unggoy, chimpanzee at gorilya<br>• Walang gamit na kasangkapan |
| Ramapitheus | India<br>Kenya<br>Tsina | • Nabuhay mga 10-15 milyong taong nakalipas<br>• May taas na 1.1metro lamang, maikling mukha, malaking panga,ngiping hawig sa kasalukuyang tao, may butas sa gitnang bahagi ng noo at maaaring tuwid ang tayo<br>• Nabuhay sa kapaligirang tropikal |
| Australopithecus | Aprika<br>Nanatili sa Aprika dahil hindi makayanan ang sobrang lamig | • Nabuhay mga 5 milyong taong nakalipas<br>• Hindi kaya ang malamig na klima sa Artiko<br>• Natutong mamili ng pagkain at lumawak ang pook na ginagalawan dahil sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | paghahanap ng pagkain at naapektuhan ang kanyang panga dahil sa kinakain<br>• Natuto ng kumbinasyon ng tunong upang makapagsalita |
| Homo Habilis | | • Nabuhay mga 3-4.5 milyong taon ang nakalipas<br>• Mala-tao (hominid)<br>• Lumalakad ng dalawang paa peropayuko at kurbado ang mga paa<br>• Natutong gamitin ang kamay sa mga gawain upang mabuhay<br>• May kasangkapan na kanyang itinatago upang magamit muli (simulang pagiging kaiba niya sa mga hayop) |
| Homo Erectus | Aprika<br>Tsina ( Peking)<br>Indonesia (Java) | • Taong nakatayo ng tuwid<br>• Napunta saiba'tibang lugar dahil sa pagsunod sa mga hayop na kanilang kinakain<br>• May kagamitan tulad ng sibat at batong magaspang<br>• Natukalasan ang apoy para panluto, panakot sa hayop at panlaban sa lamig<br>• Nanatili sa isang lugar tulad ng kweba |
| Homo Sapiens | | • Taong nag-iisip<br>• Iniakma ang sarili sa klima gamit ang apoy kapag malamig<br>• Nanirahan sa kweba<br>• Nalaman na maaaring magtalik at magkaroon ng anak |

| | | |
|---|---|---|
| | | • Napagbuti ang mga damit galing sa balat ng hayop<br>• Nag-imbak ng pagkain, nag-alaga ng hayop at magtanim ng mga halamang makakain<br>• May mabisang sistema ng pakikipag-usap |

**Gawain 3: Paglalapat**

Isangguni ang iyong sagot sa gurong tagapatnubay

**ARALIN 2: PANAHON NG PALEOLITIKO, NEOLITIKO, AT METAL**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Bato** **Posporo** **Lighter**

1. Alin sa mga sumusunod na gamit ang pinakalumang paraan sa paglikha ng apoy? BATO
2. Alin sa tatlo ang may makinis at maliit na hawakang kahoy? POSPORO
3. Alin sa tatlo ang may bakal o metal at kailangang lagyan ng "liquid fuel" sa loob? LIGHTER
4. Sa kasalukuyan, alin sa tatlo ang karaniwang gamit ng mga tao sa pang araw-araw na pangangailangan ng apoy? POSPORO at LIGHTER
5. Batay sa iyong karanasan, alin sa tatlo ang nagdudulot ng pinakamadali at mas tumatagal na nakasinding apoy at pangatwiranan ang iyong sagot. LIGHTER, dahil ang lighter ay maaaring masindihan sa pamamagitan ng isang kamay lamang at dahil may lamang "fuel" mas tatagal at maaaring magamit nang paulit-ulit.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| Panahon ng Lumang Bato (Paleolithic) | Panahon ng Bagong Bato (Neolithic) | Panahon ng Metal (Age of Metal) |
|---|---|---|
| Gamit ang magagaspang na bato | May gamit na makikinis at masining na bato | Gamit ang tanso para sa karaniwang kagamitan at mga palamuti |
| Nangangalap ng pagkain at nangangaso | Pagkakatuklas ng pagsasaka o pagtatanim | May gamit na bakal para sa iba't ibang kagamitang sandata |
| Palipat lipat ng tirahan tulad ng sa yungib o kweba | Pag-aalaga ng hayop | |
| Natuklasan ang paggamit ng apoy | Pananatili sa isang lugar upang masubaybayan ang kanilang mga tanim | |

**Gawain 3: Paglalapat**

Isangguni ang iyong sagot sa gurong tagapatnubay

**ARALIN 3: MGA UNANG KABIHASNAN SA ASYA (SUMER, INDUS, TSINA)**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Isa sa mga sinaunang kabihasnan na nasa “Fertile Cresecent”
   <u>pumili dito: Sumer, Indus, Tsino</u>
2. Tatlong malaking ilog na dumadaloy sa “Fertile Cresecent”
   <u>Tigris, Euphrates, Jordan</u>
3. Ilog sa India na pinagmulan ng sinaunang sibilisasyon
   <u>Indus</u>

4. Punong-lungsod sa India na nahukay at kilala sa katangi-tanging arkitektura ng mga bahay na karaniwang yari sa bato at may mga palapag.
   Harappa
5. Ilog na naging sentro ng matandang Kabihasnan sa Tsina
   Huang Ho
6. Itinuturing na una sa mga dinastiyang sumibol sa Tsina
   Shang

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| SUMER | INDUS | TSINA |
|---|---|---|
| Itinuturing na pinakaunang kabihasnang naitatag sa Timog-kanlurang Asya noong Panahon ng Tanso. | Harappa ang punong-lungsod at may kinalaman sa maayos na pagtatayo ng mga bahay na karaniwang yari sa bato at binubuo ng mga palapag na may sariling kusina. | Kabihasnan sa lambak ng Ilog Huang Ho batay sa mga nahukay na labi at kagamitan malapit sa ilog. |
| May sistema ng pagsulat na tinatawag na cuneiform gamit ang matulis na metal o stylus sa lapidang luwad na binilad sa araw. | May naitayong mga sitadel o tanggulan at ang mga tao ay may kaalaman sa pagsulat batay sa nahukay na mga selyo o seal. | May paniniwala na ang kanilang puno o emperador ay “anak ng langit” at banal na inatasang mamuno sa mga tao. |
| Unang natutong gumamit ng gulong at nagamit para sa mga pangangailangang-militar tulad ng chariot. | Ang kabihasnang ito ay lumipas noong 1700 B.K. dulot ng mga pagbaha ng Ilog Ganges at pagpalit ng klima mula sa katamtaman patungo sa pagiging tuyot. | |

**Gawain 3: Paglalapat**

Ipatsek sa gurong tagapamahala.

**ARALIN 4: PAG-UNLAD NG KABIHASNAN AT PAGTATAG NG MGA IMPERYO SA ASYA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

| | S A G O T |
|---|---|
| 1. Pumalit kay Cyrus the Great at kinilala bilang pinakadakilang emperor ng Imperyong Persia. | D A R I U S<br>_ _ _ _ _ _ |
| 2. Ito ang tawag sa mga lalawigang bahagi ng Imperyong Persia. | S A T R A P H Y<br>_ _ _ _ _ _ _ _ |
| 3. Ito ang relihiyon ng mga Taga-Persia noong unang panahon. | Z O R O A S T R I A N I S M O<br>_ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ |
| 4. Pinunong lumusob sa Gresya, ngunit natalo at naging simula ng pagbagsak ng Persia. | X E R X E S<br>_ _ _ _ _ _ |
| 5. Kilalang pinuno ng mga Griyego na tumalo sa malakas na Imperyo ng Persia. | A L E X A N D E R<br>_ _ _ _ _ _ _ _ _ |

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| DINASTIYA | MAHAHALAGANG KATANGIAN |
|---|---|
| SHANG | Itinuturing na unang dinastiyang umusbong sa Tsina ngunit mayroon din sinasabi na ito ay haka-haka at hindi matiyak ang sanhi ng pagbagsak nito. May lipunang alipin na umiral noong panahon nito. |
| CHOU | Sa dinastiyang ito ay nahati ang Tsina sa maraming estado, unti-unti ding nawala ang lipunan ng mga alipin at nakilala ang iba't ibang pilosopong Tsino tulad nina Confucius at Lao Tzu. |
| CH'IN | Si Shih Huang Ti ang nagtatag ng dinastiyang ito at sa kauna-unahang |

| | |
|---|---|
| | pagkakataon, napag-isa ni Shih Huang Ti ang kabuuan ng Tsina. Nagtatag siya ng sentralisadong pamahalaan, pinalawak niya ang sakop na teritoryo ng Tsina. Naitayo ang Dakilang Pader ng Tsina (Great Wall of China). |
| KANLURANG HAN | Ang kabisera ng dinastiyang ito ay nasa lambak ng Wei sa may Kanlurang Tsina. Sa panahong ito sinimulan ang pagbibigay ng pagsusulit para sa serbisyo sibil, batay sa turo ni Confucius. Iniutos din ang paghahati ng mga lupa upang ipagkaloob sa mga magsasaka. |
| SILANGANG HAN | Sa panahong ito pumasok sa Tsina ang relihiyong Buddhismo magbuhat sa India. Naimbento ang kalendaryo batay sa buwan (Lunar calendar), at ang sinaunang seismo calendar at ang panukat sa lakas ng lindol. |
| SUI | Sa panahong ito nasadlak ang Tsina sa kaguluhan at paglusob ng mga Han mula sa Hilagang Asya. |
| T'ANG | Lumawak ang teritoryo ng Tsina kabilang ang Mongolia, Manchuria, at Indonesia. Ang paglilimbag sa pamamagitan ng bloke o woodblock printing ay naimbento rin nang panahong ito. Nakilala rin ang mga dakilang manunulang sina Tu Fu at Li Po. |
| SUNG | Noong 960 P.K ang dinastiyang ito ang naghari at ang ekonomiya ay muling sumigla. Lumawak din ang pakikipagkalakalan at nagkaroon ng panibagong paghahangad sa edukasyon at sining. Nanatili ito sa loob ng tatlong daan. |
| YUAN | Sa panahong ito nasisimulang dumating ang mga Europeong mangangalakal at ang pinakatanyag ay si Marco Polo na nagsulat tungkol sa kanyang paglalakbay sa Tsina at nanghihikayat ng iba na pumunta sa Asya. |
| MING | Sa dinastiyang ito ay nagpatuloy ang kalakalan subalit itinakda sa may hilagang baybay dagat lamang tulad ng Canton at Macao. |
| CHING | Nasa kontrol ng mga dayuhang Manchu ang Tsina na nagtatag ng dinastiyang tumagal hanggang 1911. |


**Gawain 3: Paglalapat**

Ipatsek sa gurong tagapamahala.

**ARALIN 5: KAISIPANG PINAGBATAYAN SA SINAUNANG KABIHASNAN**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

HANAY A HANAY B HANAY C




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

KAHON NG MGA ARAL MULA SA IBA'T IBANG KAISIPANG ASYANO

| BUDDHISMO | SHINTOISMO | CONFUCIANISMO |
|---|---|---|
| "Incarnation" | Nagmula sa Diyos (Emperador hanggang sa tao) | Pagpapanatili ng mga kasanayang espiritwal at diplomatiko |
| "Universal Causality" (Karma) | Divine Origin | Nagtutulungan at ayaw makitang naghihirap ang kapwa |

| | | |
|---|---|---|
| "Four Noble Truths" | Magalang sa kalikasan at disiplinado | Mapagkumbabang mga tao sa kabila ng mga digmaan |
| "Three Barkets" (Tripitaka) Discipline, Discourses & Higher Doctrine | Pagpapalaganap sa pinagmulan tanda nito ang maaayos na Museum | |

**Gawain 3: Paglalapat**

Sariling palagay ng mag-aaral

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. C
2. D
3. D
4. D
5. C
6. C
7. D
8. D
9. C
10. C
11. B
12. D
13. D
14. C
15. C
16. A
17. B
18. D
19. A
20. A